# *GANYAN ANG NARARAPAT SA ATIN ANG PAGGANAP NG BUONG KATUWIRAN*

Sa tuwina'y isang pribilehiyo ang makadako sa bahay ng Panginoon. Hindi pa ako kailanman, sa buong buhay ko, nakasumpong ng isang pagkakataon na pinagsisihan ko ang pagdako sa Kanyang bahay. Isa itong. . .Pero sa palagay ko itong umagang ito ang halos pinakamabigat na pagkakataong naparito ako. Opo, ganoon nga. Hayan po, na may mga bagay na nangyayari talaga sa buhay, alam natin 'yan, na kailangan nating harapin. At dapat nating tandaan, na dumarating 'yun sa lahat.

2 At lubos kaming nagpapasalamat ngayong umaga, ako po'y nagpapasalamat, alam kong ang mga kapatid na lalaki't mga kapatid na babae ko'y lubos din na nagpapasalamat sa Diyos, na malaman na ang aming nanay ay ligtas na.

3 At siya'y matanda na, at matagal na naming inaasahan ito, dahil siya po'y nanay ng marami, at muli niyang itinaguyod ang kanyang buhay. Noong panahon ng nanay ko, wala sila nung mga bagay na mayroon ang mga tao ngayon, para kaagapay ng mga nanay kapag sila'y nanganganak. Marahil, siguro, nanganak si nanay noong umagang 'yun, tapos bumangon siya't naglaba na agad noong hapon din mismo. At mangyari nga na sa panahon ngayon ang mga nanay ay pinagpapahinga sa higaan sa ospital nang ilang araw, na may sari-saring mga gamot, hayan po. Ipinagpapasalamat natin ang mga bagay na ito na malaking tulong sa kanila, sa mga nanay rito't lahat na.

4 Si nanay po'y malapit, na malapit na talaga sa kamatayan ngayon. At ako. . .[Umiiyak si Kapatid na Branham—Pat.] Talagang—talagang ang bigat po nitong umagang ito, pero sa kabila nun ako'y—ako'y nangakong magpupunta rito. At ako'y. . .

5 Ngayon, hindi ko masasabi na yayao na ang nanay ko. Madalas kong sinasabi ito. At marami ang saksi, ukol sa mga pangitain. Sabi ko, "Kung ang sarili kong nanay ay nakaratay, na naghihingalo na, at tumingin siya sa mukha ko't nagsabi, 'Billy, ano—ano nang mangyayari sa akin?'" Sabi ko, "Maliban na sabihin sa akin ng Diyos, hindi ko malalaman. Hindi ko—hindi ko masasabi." At nangyari ang mismong bagay na 'yan. Kung yayao na si nanay, tunay na inilihim ito ng Diyos sa akin.

Bago namatay ang tatay ko, nakakita ako ng pangitain tungkol sa kanyang pagpanaw.

6 Noong makasalanan pa ako, nakita ko ang kapatid kong lalaki, 'yung una, noong pagyao niya.

7 Si Howard. Nabanggit ko na sa inyong lahat, nang dalawa o tatlong taon bago siya yumao, 'yung tungkol sa kanyang pagpanaw.

8 Pero, si nanay, wala pang sinasabi ang Diyos ni isang salita sa akin. At kung papanaw na si nanay, ito'y bagay na hindi ko alam. Bagaman, noong kami'y . . . Nabanggit nung doktor na hindi niya maintindihan kung papaanong buhay pa si nanay hanggang noong nakaraang Linggo. At lubhang mahina na si nanay. Pero, ganoon pa man, noong ako'y . . .

9 Mga isang buwan na ang nakalipas, gaya ng ginawa ko noon kay Gng. Broy; gustung-gusto ko talagang mangumusta sa tuwina sa mga tao, para malaman kung malapit na sila sa wakas, para makita kung paano ang katayuan nila. Dapat tiyak na tiyak tayo pagdating sa ganitong bagay. Ayaw nating basta na lang sabihin, "Buweno, siguro'y ayos lang." Gusto nating positibo tayo na tama't ayos talaga.

10 Nakipag-usap ako kay nanay nang makabuluha't mahaba-haba isang umaga. Sabi niya, "Billy, ako'y—ako'y nabuhay na nang sapat na maibubuhay ko." Sabi niya, "Wala na akong dahilan para mabuhay pa." Sabi niya, "Kailangan ko nang yumao." At sabi, "Mas gugustuhin ko nang yumao, para makasama si tatay at ang iba pang mga anak na Naroon na. Nakikita ko naman kayong lahat, madalas."

11 At noong isakay na siya sa ambulansya, para dalhin sa ospital, para maturukan ng glucose, dahil hindi na niya kayang kumain ng kahit na ano. Kinailangan nila siyang turukan ng glucose na padadaanin sa mga ugat niya. At sabi ko sa kanya, noong pasasakayin na namin siya sa ambulansya, sabi ko, "Ngayon, nanay, maayos na ang lahat."

Sabi niya, "Nananabik na akong yumao."

12 At sabi ko, "Nanay, kung mag-iiwan ka sa akin ng kayamanan sa lupa, na sandaang milyong dolyar, para sa amin na mga anak mo, o mag-iiwan ka sa amin ng tahanan na lungsod hanggang lungsod ang lapad, hindi 'yun maihahambing dito sa patotoong iiwan mo sa amin, 'Handa na akong yumao.'" Kayamanan ito na hindi mabibili ng salapi, ang malaman 'yun.

13 Kaya naman, sa harap n'yan, matapang akong tumatayo, na naniniwala sa mga bagay na ito na ipinangaral ko. Totoo ito para sa nanay ko, totoo ito para sa nanay ng ibang tao, totoo ito para sa ating lahat. Hindi ko maaaring sabihin, "Diyos, huwag Mo po siyang kunin." Dahil, alam ko na sa sandaling lisanin ng mortal niyang kaluluwa ang katawang ito, may isa na siya na

naghihintay. At siya'y magiging isang kabataang babae muli, sa loob lamang ng ilang minuto kapag yumao na siya rito.

14 Napansin n'yo ba ang isang maliit na sanggol kapag ipinanganak ito, ang maliliit nitong kalamnan ay gumagalaw at kumikislot? Anupa't sa pagdating nito sa lupa, tumatanggap ito ng isang espiritu, at pagkatapos ito'y nagiging isa nang buhay na kaluluwa. At sa sandaling bumalik na ang kaluluwa mula sa munting katawan na 'yun, may isa na naghihintay para rito. Kita n'yo? Dahil, unang-una, ginawa ng Diyos ang kaluluwa at espiritu, dumadako lang ito sa mga katawan. At, at kapag lumisan na tayo rito, nagpapalit lamang tayo ng dakong panahanan at lumilipat sa isa pa. "Sapagkat kung masira ang tabernakulong ito na ukol sa lupa, ay mayroon na tayong isa na naghihintay." Kaya, 'yun ang ating kaaliwan.

Ngayon manalangin tayo.

15 Maluwalhati naming, Makalangit na Ama, ano po ang magagawa namin sa mga oras na ito ng matinding pangangailangan, kung wala Ka? Subalit ang pag-asa nami'y nakatayo sa wala nang iba pa kundi sa Dugo at katuwiran ni Jesus! At lubos kaming nagagalak na malaman na may isang Lupain sa ibayo ng ilog. Na kapag tapos Ka na sa amin sa lupang ito, haya't kami'y lumilipat lamang ng dako naming panahanan, patungo sa maluwalhating Lupain na 'yun, sa ibayo, kung saan wala nang sakit o dalamhati man ng puso, kamatayan o paghihiwalay. Lagi Ka naming makakasama at makakapiling ang mga mahal namin sa buhay. Kaya, pinasasalamatan Ka po namin para sa maluwalhating pag-asa na ito na nasa dibdib namin ngayon.

16 At tila, Panginoon, mabigat para sa akin ngayong umaga na pumarito; hindi dahil sa ayaw kong maglingkod sa Iyo, kundi dahil sa pag-iisip kong ito na ako'y balisa at nag-aalala kung paano ko sisimulan ang Mensaheng ito ngayong umaga para sa iglesya, na dama kong inilagay Mo sa puso ko. Grabeng pinasikot-sikot ako ng kaaway rito! Pero nakasapit ako hanggang dito, sa pulpito, sa Iyong Pangalan. At kaya ipinagkakatiwala ko ang sarili ko, kalakip ang Mensahe't lahat-lahat, sa Iyong mga kamay, at batid kong Ikaw ay higit na may kakayahang dalhin Ito sa bawat puso, at ipagkaloob ang lahat ng aming pangangailangan. Itinatagubilin po namin ang lahat ng ito sa Iyo ngayon, at ang aming mga sarili, bilang Iyong lingkod; na ang mga labi ko'y bilang Iyong bibig, at ang mga tainga bilang Iyong pandinig. Iyo pong pagpalain kami, Panginoon.

17 At nawa ang iba pang mga nanay, mga tatay, at sila sa mga darating pang mga panahon sa hinaharap, kung ang mundo'y magpapatuloy at magtatagal pa, nawa sila'y maghanda't mabatid nila, din, na sila'y hahantong balang araw sa oras na ito na narating na ni nanay. Dalangin ko po,

Diyos, na sila'y maghanda na ngayon. Dahil wala nang isa pang bagay sa mundo na mahalaga. Di mabibili ng salapi, di matutustusan ng kasikatan; walang makakatulong kundi ang Diyos, at tanging ang Diyos. At kami po'y nanghahawakan sa Kanyang di-nagmamaliw na kamay, na nalalaman na sinabi Niya, "Ang lakad ng matuwid ay itinatag ng Panginoon." Kaya itong kaunting pagdurusa na nararanasan namin ngayon, sa kasalukuyang buhay, ay magiging napakaliit lamang. Gaya ng ipinahayag dito ng makata, "Ang mga hirap sa daan ay mistulang balewala na lang, pagdating natin sa hangganan ng daan."

18 Iyo pong tulungan kami, Panginoon, na magtumulin sa hangganan ng dakilang pagtawag; yamang batid na balang araw, sa isang dakilang ibayo sa kabila rito, ay magkikita-kita kami sa matamis na hinaharap. Iyo pong pagpalain ang mga Salita Mo ngayon. Pagpalain Mo po ang Iyong mga lingkod. Bawat anak ng Diyos na narito, nawa ang mga puso nila'y maging mainit at mapukaw sa umagang ito. At, Ama, kailangan ko po ng ganito, mismo. Dalangin ko po na Iyong ipagkakaloob ito, lahat ng mga bagay na ito, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Amen.

19 Ngayon napansin ko na may bunton tayo rito ng mga panyo. At ako'y . . . Dadako tayo sa mga ito maya-maya.

20 Nanggaling ako mula sa isang lakad kung saan nakapangaso ako, kasama ang isang lalaki malapit sa Alaska. Alam n'yo na, ang panahon na ito'y para bang panahon na inilalaan ko talaga, kapag ganitong taglagas ng taon, para maitaguyod kong muli ang sarili ko, naghahanda para sa mga panahong darating na nakalaan naman para sa paglilingkod.

21 Hindi ako gaanong katibay, buweno, gaya ng masasabi ko, pagdating sa nerbiyo ko. Mahina po ang—ang sistemang-nerbiyo ko. At napagtanto ko na kinakailangan ng ganoong uri ng sistema para magampanan ang ministeryong ibinigay sa akin ng Panginoon. Hindi kasi maaaring maluwalhati lahat, dito sa lupa. Sa pisikal, lubos kong pinasasalamatan na may matibay na katawan ako. Pero pagdating sa sistemang-nerbiyo, dahil po nagpapalipat-lipat ka sa pagitan ng natural at sobrenatural, haya't hinahapak ka nito na magpira-piraso. At hindi ko pa kailanman nasubukang maupo at ipaliwanag ang tungkol sa bagay na 'yun sa mga kongregasyon ko, dahil hindi nila mauunawaan, dahil na rin sa hindi ko nauunawaan, sa sarili ko mismo. Anupa't kahit nga mga doktor, na sumusuri sa akin at nagsasailalim sa akin sa pagsusuring-presyon ng mga nerbiyo; ang sabi'y hindi pa sila nakakita ng katulad nito, kita n'yo, kung paanong lumilipat-lipat ito mula sa isang dako, diretso sa kabila. Wala akong kaunawaan sa siyentipikong pananaliksik nila at, o kung anong proseso nila, na pamamaraan nila ng paggawa ng mga bagay-bagay. Pero alam ko na may bagay na nangyari sa

akin noong isang araw na 'yun, noong hawakan ako ni Cristo, ako po'y nabago.

22 At gusto ko lang sabihin ito, baka makapagpalakas po ito sa akin. Tila magiging napaka di-pangkaraniwang bagay ito, para pag-usapan, ngayong umaga. Pero, bago lamang ako dumako sa aking Mensahe, para medyo pakalmahin ang aking sarili, gusto kong sabihin 'yun. Noong iparating ko ang pagpunta ko rito, hindi ko alam na magkakasakit si nanay.

23 At ipinarating ko rin ang gawain para mamayang gabi. Loobin ng Diyos, magkakaroon tayo ng gawain. Nandito ako mamayang gabi, mangungusap, kung ayos lang po sa pastor. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Ayos naman, po!"—Pat.] At nais kong mangusap tungkol sa, *Pumarito Na Ang Mang-aaliw*, mamayang gabi. At 'yan po'y para sa gawain mamayang gabi. At mayroon tayong gawain na komunyon dito mamayang gabi. At ang lahat po'y malugod na inaanyayahan na pumarito at—at makibahagi sa komunyon na ito kasama namin mamayang gabi, at para sa Mensahe.

24 Nitong huling tagsibol noong naroon ako sa Alaska, o malapit sa Alaska, sa British Columbia, para . . . para sa mga gawain, noong pinagkalooban kami ng Panginoon ng napakamaluwalhating panahon. At ako—ako noon pa ma'y mahilig na sa kalikasan.

25 Naririnig n'yo ba ako nang maayos diyan sa likod? Maaari bang . . . Kung naririnig n'yo, itaas n'yo ang mga kamay n'yo, diyan sa likod.

26 Noon pa ma'y mahilig na ako sa kalikasan. Sinumang nakakakilala sa pamilya namin, ay alam 'yan. Ang nanay ko, na naghihingalo na riyan ngayon, ang nanay niya'y isang Indian. At hindi 'yun nabago maski noong nagbagong-loob na ako, at ako . . . 'yung pagkahilig ko sa kalikasan; at ako'y natutuwa, dahil dako 'yun kung saan nakikita ko ang Diyos. Hindi ako lumalabas na ang pangunahing dahilan ay para mangaso, ang—ang dahilan ay para mapag-isa kasama ang Diyos. At nangangaso akong mag-isa.

27 At habang naroon ako, nakilala ko ang ilang napakahuhusay na giya. Yun po 'yung tawag sa mga sumasama, sa Canada at iba't ibang lugar, bago mo matahak ang ilang, nagtatalaga ang komisyon sa inyo ng giya. At 'yung giya na 'yun ay dapat kasa-kasama mo.

28 At nakilala ko ang isang kahanga-hangang Cristianong kapatid, bata pa, pentecostal, na isang kilalang giya sa Canada. Ang maybahay niya ay isang kalugud-lugod, na babaing ligtas na. At ang lalaki po'y mag-aapatnapung gulang na, at may lima siyang maliliit na anak, pawang mga lalaki, na ang mga edad ay mula labing-walo hanggang nasa dalawang taong gulang.

At inatas sa kanya ’yung malawak na limang-daang-milyang bahagi ng Alcan Road, na ’yun ’yung saklaw niya bilang giya.

29 May ilang Indian doon, na ayaw lumipat ng tirahan, at napakatigas nila, haya’t naglagay sila ng karatula, “Kung papasok kayo rito, dadanak ang dugo.” Pero, sa kabila nun, nagtuluy-tuloy pa rin kami, at pumasok, dahil gusto kong makausap ang mga Indian na naroon. Sa totoo lang, itong lupain ay kanila bago naging atin, alam n’yo na. At nagtamasa kami ng maluwalhating panahon kasama sila, noong nakaraang Tagsibol, sa pagbabahagi sa kanila ng tungkol sa Panginoong Jesus.

30 At may matandang lalaki roon, ’yung matandang nagsisilbing ama ng tribo, na mag-iisang daan na ang edad. Yung kanya kasing. . .Nauunawaan ko na kung bakit ayaw niyang umalis. Inililibing kasi nila ang kanilang mga patay sa parang troso, at ibinibitin ’yung troso sa isang puno. May dalawang maliliit silang anak na nakalibing doon. Natural lang, na ayaw niyang umalis. Nauunawaan ko kung bakit ayaw niyang umalis. At ’yung reserbasyon, ’yung—’yung gobyerno ng Canada, sabi ng Dominion ng Canada, “Kung magmamatigas sila, puwersahan silang paaalisin at palalayasin.” Aba, nakakalungkot kung hahayaan ’yung mangyari; nakalibing ang mga anak nila doon sa mga puno.

31 At kaya, mangyari pa, may ilog na dumadaloy dun at di kami makadaan at di na kami makabalik doon sa liblib na dako kung saan sana kami mangangaso ng oso na grizzly. Itong si G. Southwick, Southwick po, ang giya. At siya. . .At kasama ko ang isang munting ministro, si Eddie Byskal. At mangyaring ang anak niyang lalaki. . .May—may nakababatang kapatid na lalaki si G. Southwick, mga nasa, pagitan ng dalawampu’t lima at tatlumpu ang edad, na malubhang pinahihirapan ng epilepsy.

32 Kamakailan lang naging Cristiano si G. Southwick, mga isang taon pa lang ang nakalilipas. Isang dating cowboy, at medyo magaspang, alam n’yo na, ang kanilang pamumuhay. At, mangyaring kamakailan lang siya naging Cristiano, at siya’y nananampalataya. At sabi niya, “Nabasa ko ang libro mo, Kapatid na Branham.” At paulit-ulit niyang ipinapahiwatig ’yun, sa daan, ’yung tungkol sa kapatid niya na may epilepsy. Sabi niya, “Oh, kung madadala ko lang sana ang kapatid ko sa’yo!” Buweno, alam n’yo na ’yung pakiramdam, na wala kang magawa, di ka makakilos, at iniisip mo na lang kung paano ’yun mareresolba.

33 Pagkatapos sa Canada, karaniwan ang mga kalalakihan na. . .Kayo na mga kalalakihan na nagbibiyahe, alam n’yo ito, pagdating sa pagpapalakad ng mga kabayo. Hilig ko ang mga kabayo at mga hayop. Karaniwan silang nagtatali nang renda hanggang buntot, at palalakarin sila sa hanay, dugtung-

dugtong na hanay ng mga kabayong nagpapasan ng gamit. Pero doon ay di mo 'yun puwedeng gawin, dahil malambot ang bato; kapag napuslitan ka ng isang kabayo, baka buong hanay ang makawala. Kaya pinababayaan namin 'yung mga kabayo na lumakad nang sarili nila, at pinasusunod na lang sila sa tinatahak na daan.

34 At naroon ako sa hulihan, sakay ng isang batang kabayo, sinusubukang tipunin 'yung mga lumilihis ng daan at pinasusunod sila pabalik. At ang Espiritu Santo, sa Kanyang biyaya, ay bumaba. Agad akong nangabayo, at nilampasan ang hanay, hanggang sa makarating kay G. Southwick na nangunguna, doon sa harapan, sa may palumpong. At sabi ko, "Bud?"

Sabi niya, "Ano 'yun, Kapatid na Branham."

Sabi ko, "Pagtitiwalaan mo ba ang salita ko?"

Sabi niya, "Anuman ang sabihin mo."

35 At sabi ko, "Mayroon akong GANITO ANG SABI NG PANGINOON para sa iyo." Sabi ko, "Pumunta ka't sunduin mo ang kapatid mong lalaki mula Fort San Juan," na pito o walong-daang milya ang layo, "dalhin mo siya sa malapad na lansangan dito." At nakatira siya sa isang lumang barong-barong na may lumang salamandra na ginagamit nila bilang pugon, nakatira dun ang mga anak niya. At sabi ko, "Kapag bigla siyang susumpungin ng pangingisay dahil sa epilepsy, hubaran mo siya ng kamiseta. Sasabihin ko sa'yo ang gagawin. Itapon mo 'yun sa pugon, at sabihin, 'Ginagawa ko ito sa Pangalan ni Jesus Cristo.'"

Sabi niya, "Gagawin ko 'yun."

36 Kaya umalis siya, nagpasabi't sinundo ang kanyang kapatid, dinala siya roon. At noong umagang 'yun kinailangan niyang bumagtas sa labas ng daan, kasama ang isang taga-roon sa konserbasyon. At karaniwang sinusumpong ng pangingisay ang kapatid niya nang dalawa o tatlong beses, sa isang araw, at ganoon ang nararanasan niya mula noong bata pa siya. At takot na takot ang asawa niya, sa kanya, kapag sinusumpong siya ng ganoong mga pangingisay, dahil nagiging marahas siya; napakalakas pa naman niya, na kabataang lalaki.

37 At sinumpong ang kapatid na ito ng pangingisay, pagkaalis ni Bud. Sa halip na lumundag 'yung asawang babae sa may bintana, gaya ng karaniwan niyang ginagawa, para malagay sa ligtas ang mga anak niya, lumundag siya't sumaklang sa lalaki, at hinubad ang kamiseta nito; isang maliit, na babaing puspos ng Espiritu Santo, hinubad 'yung kamiseta nung lalaki't inihagis sa apoy, at nagsabi, "Ginagawa ko ito sa Pangalan ni Jesus Cristo." Hindi na kailanman sinumpong ang lalaki ni minsan mula noon. Nitong nakaraang tagsibol lang 'yun.

38 Maraming beses, alam kong medyo mahirap. May mga taong hindi makaunawa, nagsasabi sila, "Kapatid na Branham, bakit ka lalakad para mangaso?" Kita n'yo, di lang talaga nila nauunawaan. Hindi na rin kailangang subukan na ipaliwanag pa, kita n'yo. May mga tao kasi na kahit paliwanagan ay di mapapaliwanagan.

39 Mga dalawang buwan na ang nakalipas, o halos ganoon pa lang katagal, nagising ako isang umaga. Sa palagay ko, hindi lang ako sigurado, nabanggit ko na ito sa karamihan ng mga tao sa iglesya. Marami rito ang narinig na akong sinabi ito bago ito mangyari. At sa pangitain na nakita ko, haya't nakita ko ang isang malaking hayop, na mukhang usa. At may napakalalaki't, matataas na sungay ito. At 'yun ay. . . Kinailangan kong umikot sa gilid, ng batuhan, nang *paganito*, para makalapit dito. At isa itong popular na hayop. Isa itong hayop na maraming may gustong gawin itong tropeo. At may lalaki roon na nakita ko na nakasuot ng berde't, kuwadra-kuwadradong disenyo na kamiseta. At pagkatapos, sa daan, matapos kong makuha ang hayop, narinig ko ang isang—isang tinig na ang sabi, "Ang mga sungay na 'yan ay apatnapu't dalawang pulgada ang taas." Mga *ganitong* kataas. At isa 'yung dambuhalang hayop. At sa daan pabalik, nakakita ako ng napakalaking oso na silver-tip grizzly.

40 Ngayon, sikat na oso 'yun. May apat sa pamilya ng grizzly. Isa dun ang silver-tip, na hinahanap-hanap. Yung kasunod haya't ang tawag naman, sa katutubong pangalan, *kadish* (?), na itim, na may bilog na tainga; 'yun 'yung pangalawa. Yung ikatlo, 'yung karaniwang osong grizzly, na nasa pagitan ng itim at kulay-kape, isang malaking oso. At 'yung sumunod ay 'yung Kodiak, na matatagpuan lang sa Isla ng Kodiak at—at sa kanlurang Alaska; malaki ito, dambuhala, pinakamalaki sa lahat ng mga oso, pero isa siyang grizzly. Pero ang silver-tip ay itim, at may puti sa. . . o may kulay-pilak sa dulo-dulo ng balahibo. Yung 'yung sikat, na sumpunging, oso na mainitin ang ulo.

41 Binaril ko raw 'yung oso sa mismong puso, napatay siya. Pero nag-aalinlangan ako dun sa maliit na ripleng dala ko, kung kakayanin kaya. At naikuwento ko 'yun sa mga kapatiran. Ilan ang nakarinig nang ikinuwento ko ang tungkol dun bago 'yun nangyari? Itaas n'yo ang mga kamay n'yo. Buweno, hayan po, karamihan sa kanila, kita n'yo.

42 At mangyaring tinawagan ako ni G. Arganbright at gusto niyang pumunta ako sa Alaska. Buweno, sa halip na pumunta ng Alaska, may pangunguna sa akin na bumalik dito sa biyaheng ito, sa dako rito kasama si Bud, dahil nangako ako sa kanya.

43 Pagdating ko roon, ikinuwento ko sa maybahay niya't sa lahat ng mga naroon, ang mga bagay na ito na sinabi ng Diyos. Sabi ko, "Haya't, ngayon, sino po sa inyo ang may berde,

na kuwadra-kuwadradong disenyo na kamiseta?" Walang may ganoon. "Sige," sabi ko, "kung ganoon siguro sa ibang biyahe na mapupuntahan ko sa susunod. Anupa't, sa kung saang dako, ibibigay at ibibigay ito ng Panginoon sa akin, nang sadyang eksakto." Kaya sabi ko, "Akala ko itong biyaheng ito na 'yun."

44 Buweno, nagpatuloy kami, sa paglalakbay. At noong unang araw, noong makarating kami sa mataas na bahagi, sa tuktok na hangganan ng mga punongkahoy, kung saan wala nang mga kahoy, sa itaas sa mga gleysyer, dala-dala ang mga kabayo namin. At noong ikalawang araw, nangaso kami nang kaunti, at nakakita kami ng marami-raming tupa na 'yung sungay nila'y tatlong-kapat ang pagkakaarko, at kung ano pa, pero tila ba hindi pa.

45 At grabe ang samahan namin, bawat isa sa amin ay pentecostal at may Espiritu Santo! Nagtamasa kami ng maluwalhating panahon doon sa itaas, at habang pinagmamasdan ang pagbabago ng kulay, at 'yung mga bundok na 'yun, at 'yung dakong 'yun na napakataas kung saan tanging ang Diyos lang ang naninirahan! At grabeng maluwalhating panahon! Hindi kami nahihiga hanggang mag-ala una ng umaga, pinupuri namin mismo ang Diyos at nagtatamasa ng maluwalhating panahon!

46 At noong ikalawang araw, bumagtas kami. At mga anim na milya pabalik, doon sa likod ng mga gleysyer, nakakita kami ng ilang malalaking lalaking tupa. At sabi, "Buweno, makakabalik na tayo, at kinaumagahan sa pagbubukang-liwayway ay nasa daan na tayo."

47 Kaya lumarga kami kinaumagahan, bago magbukang-liwayway; at nakarating, pagsapit ng alas nuwebe, naroon na kami sa itaas kung saan nakita namin 'yung mga gleysyer.

48 Pero sa daan paakyat, nakita ko ang kauna-unahan kong ligaw na caribou. Hindi pa ako nakakita ng isa mula noon. Nakakita na ako ng mga domestikado, sa Lapland, at iba pa, pero hindi 'yung ganoong caribou; na hindi. . .Ang *caribou* ay isang katutubong pangalan, isa 'yung "reindeer na usa." At mangyaring karaniwan ay mala-tambuli ang hugis ng sungay nila, na *nakapaganito*, nakausli hanggang sa mismong tapat ng ilong nila, at pagkatapos may mala-tambuling kumukurba paharap; at pagkatapos nakaarko 'yung mga sungay, na 'yung isang bahagi'y mga ganitong kalapad.

Sabi sa akin ni Bud, "Baka. . ."

49 Sabi ko, "Hindi, hindi. Kanyang. . ." Sabi ko, "Hindi caribou, dahil hindi ganoong uri 'yung sungay nun." Pero noong umagang 'yun, sa pag-akyat, aba, nakita ko 'yung baka at guya nito. At humimpil kami sa isang tabi, at nakita ko 'yun, isang batang toro, na tumatakbo.

50 At si Kapatid na Eddie, gustong pakainin ang mga Indian kung saan siya'y isang misyunero. Hayun ang isang mabuting lalaki, na mula sa isang magandang tahanan, at isang maybahay na mula rin sa isang primera klaseng tahanan. At 'yung mga braso nila'y grabeng daming papak *dito*, at pamamaga, dahil sa mga pulgas, kung saan sila naninirahan kasama ng mga Indian at mga bagay-bagay, sa dako roon sa pagsusumikap na madala si Cristo sa mga Indian. Kailangang-kailangan talaga ng biyaya para magawa 'yun! Mamumuhay roon na ang kinakain lang ay palamang gawa sa mani at pulutipot, at matutulog sa mga kubo na 'yun kung saan tadtad ng mga surot, pulgas at lahat na, naku't talagang pinapak sila nang ganoon-ganoon na lang, pero sa kabila nun, ay dinadala roon ang Ebanghelyo ni Jesus Cristo!

At mangyaring pumuslit si Kapatid na Eddie paikot sa bulubundukin.

51 At naupo ako roon na manghang-mangha, nang dalawang oras, noong makita ko 'yung nakakamanghang bundok na nababalutan ng niyebe ang taluktok. Sa isip-isip ko, "Panginoong Diyos, itulot Mo na ako'y manirahan dito sa Milenyum." Tanaw-tanaw ko 'yung mga dilaw na quaker sa ibaba ng burol, at 'yung pulang buckbush, at ang lahat ay tumitimpla roon sa malalaking bundok na nababalutan ng niyebe ang taluktok, na nasasalamin sa mga lawa. May kung anong bagay nga roon, na mapapaupo ka na lang at maiiyak, at maiiyak at maiiyak, dahil tanging ang Diyos lamang ang makapagpipinta ng ganoon. Walang makagagawa nun, kita n'yo.

52 At nakaupo ako roon, bigla ko na lang naisip, "Buweno, ano na kayang nangyari kay Kapatid na Eddie?"

53 Pinuntahan ko si Bud, at nakaupo siya roon na tuwang-tuwa, rin, sa tanawin nang mga dalawang oras. At tumayo kami, at nakita ko 'yung pampelikulang kamera ni Eddie na nakalapag doon. Sa ibabaw nung mga bundok na 'yun, walang makikita roon kundi caribou, lumot, panay lumot, doon sa itaas kung saan walang punongkahoy ang tumutubo.

54 At napansin ko siya sa ibaba ng burol. Nakataas ang mga daliri niya nang *paganito*, may hinuhuli't sinusubaybayan siya na batang lalaking caribou. Buweno, binaril niya—binaril niya 'yung caribou. At nilinis lamang namin 'yun at bumalik na sa itaas ng burol. At bumaba ako sa dako na may makukuhanan kaming tubig.

55 At tinatanaw-tanaw ko ang paligid gamit ang largabista. Paano't paano man, mga dalawang milya mula sa akin, naroon ang hayop na hinahanap ko. Nakita ko siya. Sabi ko, "Hayun siya. Siya na 'yun." Sabi ko, "Silipin n'yo rito, kita n'yo 'yung batuhan, kailangan nating umikot sa gilid." At sabi ko, "Ang tanging bagay na lang ay 'yung berdeng, kuwadra-

kuwadradong. . . ” At tumingin ako, at nakasuot si Eddie ng berde, na kuwadra-kuwadradong disenyo na kamiseta.

Sabi ko, “Eddie, ang akala ko ba’y wala kang. . . ”

56 Sabi niya, “Kapatid na Branham, wala nga ako. Baka inilagay ito ng asawa ko riyan.” Sabi niya, “May malinis na kamiseta pala ako kaninang umaga, pero di ko alam. Inilagay siguro ito ng maybahay ko.” Hindi kailanman nabibigo ang Diyos maski sa isang bagay. Siya’y ganap na ganap. Naroon nga ang lalaking nakaberdeng, kuwadra-kuwadradong disenyo na kamiseta.

57 Sabi ng giya, “Kapatid na Branham, hindi ko alam kung paano ka makakapunta roon.”

58 Sabi ko, “Hindi ko alintana maski limampung milya ang layo niya, akin siya!” Sabi ko, “Akin siya.” At nagsimula kaming umikot sa palibot nung batuhan, sadyang, oh, *ganoon* katarik, ’yung paligid.

59 At nakarating kami roon, at nakuha ko ’yung malaking caribou. At—at sa halip na mala-tambuling sungay, tulis-tulis ’yun; wala pa akong nakikitang katulad nun kahit kailan. Nakita n’yo na kung gaanong kakaiba, ang pamamaraan ng Diyos ng paggawa ng mga bagay-bagay?

60 Kaya sinabihan namin ’yung mga kalalakihan na bumaba sa libis, at dalhin ang mga kabayo at kunin ’yung mga karne, at salubungin kami sa ibaba pagbaba namin. Mangyaring, tumingin sa paligid si Kapatid na Bud, sabi, “Ang pangitain ni Kapatid na Branham, kung papaano nga na totoo ’yung tungkol sa paggaling ng kapatid ko, sa epilepsy, makukuha’t makukuha niya ’yung hayop na ’yun kahit nasaan pa ito.” Kaya sabi niya, “Salubungin n’yo lang kami, makukuha namin ’yun, sa pagbaba roon.”

61 At kaya noong mabalatan na namin ’yun; at ’yung balat at ’yung mga sungay at lahat na, ay nasa mga sandaan at dalawampu’t limang libra; pero ’yung ano lang, hindi ’yung buong balat nung katawan, ’yung balat lang sa ulo’t leeg. Pagkatapos nga’y sabi niya, “Ngayon, Kapatid na Branham,” sabi, “May gusto akong itanong sa’yo.” Sabi, “Halos di ko na masagad ’yung pagbabalat dito,” ako at siya kapwa, nasa magkabilang dulo kami. Sabi niya, “Nabanggit mo ba na ang mga sungay na ito’y ‘apatnapu’t dalawang pulgada’?”

Sabi ko, “Siyanga, po.”

Sabi niya, “Mukhang siyamnapu, sa tingin ko.”

Sabi ko, “Apatnapu’t dalawa.”

At sabi niya, “May panukat ako sa tagilirang bag ko.”

Sabi ko, “Sige, makikita mong eksakto.”

62 Sabi niya, "Kung ganoon, ayon sa sinabi mo sa akin, sa pagitan dito at kung saan natin kakatagpuin ang mga kalalakihan, na may nakasuot ng berdeng kamiseta, makakakuha ka ng silver-tip grizzly na oso?" Sabi, "Hindi pa ako nakakita ng isa, at nanirahan ako sa mga bundok na ito nang buong buhay ko."

Sabi ko, "Pero 'yun nga'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON."

Sabi, "Alam mo ba kung nasaan siya?"

63 Sabi ko, "Hindi. Pero siya'y nasa pagitan dito at nung mga kalalakihang 'yun." Natatanaw namin mismo kung nasaan 'yung mga kalalakihan, mga tatlong milya, sa ibaba sa may hangganan ng mga punongkahoy. Sabi ko, "Makukuha natin siya." Ngayon, isang kahanga-hangang bagay 'yun!

64 Sabi niya, "Kung ganoon, makakarating tayo roon sa loob ng isa't kalahating oras. At ang ibig mo bang sabihin sa akin ay makakakuha ka ng napakalaking osong grizzly, isang silver-tip, sa pagitan dito at nung mga kalalakihan dun?"

Sabi ko, "Ayon 'yan sa Kanyang Salita."

Sabi niya, "Sige't naroon siya."

65 Mangyaring itinali na namin 'yung mga sungay, itinaas namin sa ibabaw ng aming ulunan, at dahan-dahan haya't bumaba kami ng burol, hanggang sa makarating kami sa mga gleysyer. At pagsapit namin dun sa mga gleysyer; nainitan kami, kaya kinailangan naming dumaan sa mga gleysyer nang kaunti, para makapagpalamig. Dumaan kami sa gleysyer, bumaba kami hanggang sa sumapit kami dun sa dinadaluyan ng tubig sa ilalim nung gleysyer, at pababa sa gawi ng . . . bago makasapit sa mga punongkahoy. Naupo muna kami, para makapagpahinga.

66 Lumingon ako, at tumingin. Sabi ko, "Tingnan mo, Bud! Parang baka, mga dalawang milya ang layo."

67 Itinaas niya ang largabista, sumilip, sabi, "Kapatid na Branham, mahabagin, isa nga 'yung silver-tip!" Sabi, "Tingnan mo siya't kumikinang siya sa araw!"

68 Sabi ko, "Siya na 'yun." Sabi ko "Buweno halika't kunin natin siya." Kaya, 'yun ang ginawa namin, nagpunta kami't kinuha siya. Ayon, doon sa pangitain, atrasado na para balatan siya, kinailangan naming maghintay hanggang kinabukasan.

69 Pagkatapos naming makuha 'yung grizzly, bumaba kami, tapos sabi niya, "At nabanggit mo na 'yung mga sungay . . . " Sabi, "Kung 'yung mga sungay na 'yun ay apatnapu't dalawang pulgada, Kapatid na Branham, hihimatayin ako."

70 Sabi ko, "Hindi mo kailangan himatayin. Pero, apatnapu't dalawang pulgada talaga ang mga 'yun, hayan mismo." Tapos bumaba na kami sa . . .

71 At naisip ko, sa pangitain . . . Kayo na mga kapatid na lalaki na nagtaas ng mga kamay n'yo, at mga kapatid na babae, kanina, na narinig n'yo nang ikinuwento ko ito bago 'yun mangyari. Nabanggit ko na baka si Billy Paul. Maliit na kabataan 'yung nabanggit. Natatandaan n'yo bang lahat noong ikuwento ko 'yun, 'isang maliit na kamay'? Anupa't 'yung anak niyang lalaki'y labing-walong taong gulang, at kasing laki mismo ni Billy Paul. Kita n'yo?

72 At pagdating ko roon, nakatayo roon si Eddie na suot 'yung berde niyang, kuwadra-kuwadradong disenyo na kamiseta. Nakinita ko 'yung maliit na kamay na 'yun na humahawak-hawak sa mga sungay na 'yun, at noong pumunta siya't kinuha ang medida, inilapag 'yun sa isang dulo, at hinawakan, ipinatong nung munting kabataang lalaki 'yung mga kamay niya. Sabi ko, "Tingnan mo, Eddie, 'yung maliliit na kamay na 'yun na nakapatong sa sungay." At noong hilahin niya 'yung medida nang paganito, tiningnan niya ako't talagang namutla sa bibig, sabi niya, "Kapatid na Branham, tingnan mo! Saktong-sakto, apatnapu't dalawang pulgada, eksakto mismo!"

73 Marahil sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, bakit mo 'yan sinasabi sa isang Sunday school?"

74 Sinasabi ko ito sa ganitong kadahilanan. Doon sa Lumang Tipan, 'yung matatandang pantas at mga propeta na mga matagal nang yumao, sinasamba nila ang Diyos ng Langit, na Siyang nagpakita ng mga pangitain na 'yun. Iniibig nila ang Diyos, sa Kanyang biyaya, na umiibig sa kanila. Nananabik sila sa isang Bayan sa kung saan. May kung anong bagay sa kaibuturan nila! Iniwan nila ang kanilang mga tahanan at sila'y naging mga nangingibang-bayan, dahil hinahanap nila ang isang Bayan sa kung saan. Sinaysay nila ang mga bagay na nakikita na nating nangyayari sa panahon ngayon.

75 Ang siya ring Diyos na Siyang umiibig sa kanila, at sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, na haya't ginawa ang mga bagay na 'yun para sa kanila, ay ang siya ring Diyos na pinaglilingkuran natin dito sa tabernakulo sa umagang ito, na ginagawa pa rin ang parehong mga bagay. At nariyan, sa ating dibdib, ang isang pananabik para sa Bayan na 'yun, isang dako na pinuntahan nila. At sa pamamagitan ng Kanyang Salita at sa pamamagitan ng mga tanda ng Kanyang Kapangyarihan, sa pamamagitan ng siya ring Espiritu at siya ring mga propesiya, ang pareho ring bagay na ginawa Niya noon sa kanila, ay ginagawa pa rin Niya para sa atin ngayon. At nakikita n'yo ito nang may di-mapasusubaliang katibayan, na ito ang Diyos at ang Katotohanan ng Diyos.

76 Kaya, saan man naroon ang dakilang Bayan na 'yun, at saan man sila nagkakatipon, inaasahan ko na makikita ko ang naghihingalo kong nanay, at lahat kayo kasama nila, doon sa

Bayan na 'yun doon kasama sila: sina Abraham, Isaac, Jacob, Daniel, Isaias, Jeremias. Dahil, ang siya ring biyaya ng Diyos na umiibig sa kanila, at nagkaloob sa kanila ng mga pangitain, at nagpakita sa kanila ng mga bagay na parating, ay ang siya ring Diyos sa panahon ngayon na ginagawa ang parehong bagay para sa atin, di-mapasusubaliang Katotohanan! Ito, ang Katotohanan, kaibigan.

77 Makalangit naming Ama, kami po'y nagpapasalamat. Kung bakit Mo ninais na magkaroon ako ng mga bagay na ito, sa palagay ko, Panginoon, pinalalakas Mo lang ang loob ko, yamang nababatid na may pagkabiglang parating. Hindi ko po alam; Ikaw ang nakakaalam. At alam kong hindi na ako bata. Hindi na ako maliit na bata na dati-rati'y laging nakakapit sa palda ni nanay. Edad-media na ako ngayon. Oh, ganoon na lamang na iniibig Kita, Panginoon! Ganoon na lamang na sinasampalatayanan Kita! Iyo pong pagkalooban kami ng biyaya ngayon. Tulungan Mo po kami na ituro ang Iyong Salita, nang sa gayon ang iba'y makakita't matuto, at makilala Ka. Kami po'y humihiling sa Pangalan ni Jesus. Amen.

78 Para sa teksto, ngayong umaga. Sa palagay ko naanunsyo ko na lahat, may. . .Buweno, mga gawain mamayang gabi, komunyon, paghuhugasan ng mga paa, at iba pa, 'yun na lahat. Inaanyayahan ko kayo na manatili para makasama namin. Pero, para sa teksto natin ngayong umaga, bumuklat tayo sa Biblia, sa San Mateo, sa ika-3 kabanata, para basahin ang isang bahagi ng Mga Kasulatan. Nais kong simulan sa ika-10 talata ng ika-3 kabanata ng San Mateo.

79 At alam ko na marami ang nakatayo, at ikinalulungkot po namin; pero kung may ilan sa inyo na gustong makipagpalitan sa kanila, paminsan-minsan. Ako. . .Pagpasensyahan n'yo ako kung, nagdadahan-dahan ako, pero ako. . .Nauunawaan n'yo. Ngayon babasahin na ang Kasulatan.

> *. . .ngayon pa'y nakalagay na ang palakol sa ugat ng* punong kahoy: *ang bawa't punong kahoy nga na* hindi *nagbubungang mabuti ay pinuputol, at inihahagis sa apoy.*
>
> *Sa katotohanan ay binabautismuhan ko kayo sa tubig sa pagsisisi: datapuwa't ang dumarating sa hulihan ko ay lalong makapangyarihan kay sa akin, na hindi ako karapatdapat magdala ng kaniyang pangyapak: siya ang sa inyo'y magbabautismo sa Espiritu Santo, at apoy:*
>
> *Nasa kaniyang kamay ang kaniyang kalaykay. . . lilinisin niyang lubos ang kaniyang giikan, at titipunin niya ang kaniyang trigo sa bangan; datapuwa't ang dayami ay susunugin sa apoy na hindi mapapatay.*
>
> *Nang magkagayo'y naparoon si Jesus* ng *Galilea sa ilog ng Jordan. . .upang siya'y bautismuhan niya.*

> *Datapuwa't ibig siyang* sansalain *ni Juan, na nagsasabi, Kinakailangan ko na ako'y iyong bautismuhan, at ikaw ang naparirito* sa *akin?*
>
> *Nguni't pagsagot ni Jesus ay sinabi sa kaniya, Payagan mo ngayon: sapagka't ganyan ang nararapat sa atin ang pagganap ng buong katuwiran.* At *pinayagan niya siya.*

80 Nais kong humango ng teksto mula sa salita riyan sa ika-15 talata.

> . . .*Payagan mo ngayon: sapagka't ganyan* ang nararapat sa *atin ang pagganap ng buong katuwiran.*

81 Madalas iniisip ko kung bakit, si Jesus na taga-Nazaret. . . At maraming beses na itinanong na ito sa akin. Bakit kailangan pang mabautismuhan ang isang Tao na katulad ni Jesus? Bakit kailangan pang mabautismuhan ang Tao na ito bilang pagpapakita ng pagsisisi at ng pagpapahayag, gayong Siya ang banal, na walang dungis, na dalisay na Anak ng buhay na Diyos? Bakit kailangan pang mabautismuhan ang Tao na ito na tulad ng isang tao na lumalapit? Ang bautismo ay pagkatapos ng pagpapahayag. Wala naman Siyang pagpapahayag na kailangang gawin, dahil Siya ang Diyos. At, Siya, bakit Niya kailangang mabautismuhan gaya ng pagkabautismo sa Kanya, "na tungo sa pagsisisi," dahil hindi naman Niya kailangan ng pagsisisi, dahil Siya ang Diyos na di maaaring magkamali? "Siya'y nasa sanlibutan, at ang sanlibutan ay ginawa sa pamamagitan Niya, at hindi Siya nakilala ng sanlibutan." Bakit pa Niya kailangang mabautismuhan?

82 At napansin n'yo ba ang parirala bago 'yun? Sabi:

> . . .*ganyan ang nararapat sa atin ang pagganap ng buong katuwiran.*

83 Sa madaling sabi, "Kinakailangan itong matupad! Ang buong Salita na sinalita ng Diyos, dapat itong matupad!" Hindi maaaring magsalita ang Diyos ng anumang bagay tapos hindi ito matutupad. Kapag sinalita na Niya Ito, ito'y isang tapos nang gawa. Tapos na ito kapag sinalita Ito ng Diyos. Hindi kailanman nagsasalita ang Diyos hanggang sa naitalaga na Niyang mangyari ito; at, kapag nagsalita Siya, para na rin itong naganap.

84 Ngayon, kung hindi pa ba naman ito sapat para bigyan tayo ng isang batayan para mailagak natin ang ating pananampalataya ngayong umaga! Kapag sinalita ng Diyos ang isang Salita, tapos na ito. At kaya paano 'yung mga pangako Niya na Kanyang ibinigay sa atin? Lahat ng sinabi Niya, ito'y gawang tapos na. Kaya, samakatwid, kapag tinanggap na natin ang Kanyang Salita sa ating puso, ito'y—ito'y nagawa na, kumpleto na!

85 At kung ganoon bakit kaya Siya (hindi nito sinasagot ’yung tanong) kailangang bautismuhan? Marami ang nagsasabi, “Siyanga, nabautismuhan Siya dahil Siya ang ating halimbawa.” Totoo naman, kung tutuusin, may punto. Totoo naman, pero hindi ’yun ang buong Katotohanan.

86 Ang Katotohanan nun, Siya ang antitipo, Siya ang Dakilang Saserdote. At bago mapahiran ang dakilang saserdote, kinakailangan niyang mahugasan.

87 Nais kong bumasa ng ilang Kasulatan para sa inyo, pansumandali, doon sa Aklat ng Exodo. At sa palagay ko sa ika-29 na talata gaya ng nailista ko rito; o ika-29 na kabanata po, pala. At nais kong magsimula rito sa ika-4 na talata ng ika-29 na kabanata.

> *At si Aaron at ang kaniyang mga anak* ay *iyong dadalhin sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan, at* iyong *huhugasan sila ng tubig.*
>
> *. . .iyong kukunin—iyong kukunin ang mga kasuutan, at iyong isusuot kay Aaron,* at *ang tunika niya, at ang balabal. . .*at *ang epod, at ang epod, at ang pektoral,* at *bibigkisan mo ng mainam na pagkayaring pamigkis ng epod:*
>
> *At* iyong *ipuputong ang mitra sa kaniyang ulo, at* sa *banal na. . .*sa*. . .korona sa mitra.*
>
> At saka mo *kukunin ang langis na pangpahid, at ibubuhos mo sa ibabaw* ng *ulo, at papahiran mo siya ng langis.*

88 Kita n’yo, si Aaron, na punong saserdote, bago siya mapahiran, kinakailangan na mahugasan siya ng tubig. Kaya naman, noong si Jesus, bago Siya mapahiran, ang Dakila nating Saserdote, hinugasan Siya ng tubig.

89 At pagkatapos ay ibinuhos sa Kanya ang pamahid na Langis na ’yun, para pahiran Siya. Gaya ni Aaron noong pinahiran siya ng langis; Siya nama’y pinahiran ng Espiritu Santo. “Sapagkat sumaksi si Juan, noong makita niya ang Espiritu ng Diyos na bumababa na gaya ng isang kalapati, at dumapo kay Jesus; at may isang Tinig na nagsabi, ‘Ito ang sinisinta Kong Anak na Siya Kong kinalulugdang panahanan.’” Kaya sinabi ng Biblia na, “Pinahiran ng Espiritu Santo si Jesus, na naglilibot na gumagawa ng mabubuting bagay.” Kita n’yo, pinahiran Siya.

90 At bago Siya pinahiran, kinailangan Niyang ganapin ang buong katuwiran. Kita n’yo, kinakailangan na mahugasan Siya ng tubig bago dumating sa Kanya ang Pahid.

91 At isang napakagandang tipo natin ’yan ngayon, bilang mga saserdote sa Diyos. Kinakailangan na tayo’y mabautismuhan muna, ipahayag ang mga kasalanan natin at mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, na paghuhugas ng mga kasalanan

natin; at pagkatapos ay tatanggapin n'yo ang Pahid, ang kaloob ng Espiritu Santo. Kita n'yo, hinugasan muna, at pagkatapos ay pinahiran para sa paglilingkod. Walang ministro ang dapat dumako sa pulpito nang hindi muna nababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Dahil, tanging sa . . . Ang kapatawaran ng mga kasalanan ay tanging sa Pangalan lamang ni Jesus Cristo, wala't, walang ibang pangalan sa silong ng Langit ang ibinigay sa mga tao. "Ang pagsisisi't kapatawaran ng kasalanan ay dapat na maituro sa Kanyang Pangalan, simula sa Jerusalem." Doon mismo bumaba ang Espiritu Santo't nagpahid, na una. Kaya, ang isang ministro o sinumang mananampalataya ay kinakailangang mahugasan muna mula sa mga pagkakasala niya, sa Pangalan ni Jesus Cristo; at pagkatapos ay papahiran ng Espiritu Santo, para magdala ng patotoo para sa Diyos.

92 At si Cristo ang patotoo ng Diyos, dahil ang Diyos ay nakay Cristo, na pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanya rin. Ngayon ang sabi Niya:

> . . . *Payagan mo* ito *ngayon,* Juan. Tama 'yun.

93 Sa madaling sabi, "Juan, isa kang dakilang tao, isa kang dakila't, makapangyarihang propeta. At ang kapahayagan mo tungkol sa Akin ay eksaktong Katotohanan. Nakikilala mo kung Sino Ako. Alam mo, dahil ang pagmiministeryo mo ay hindi galing sa tao. Ang pagmiministeryo mo ay galing sa Diyos. Hindi mo 'yun natutunan sa tao. Hindi 'yan itinuro sa iyo sa seminaryo. Anupa't, sa edad na siyam na taong gulang, nagpunta ka sa ilang, dahil ipinanganak kang isang kakaiba't, natatanging bata. At mula sa mismong kapanganakan mo, nagsimula nang makipag-ugnay ang Diyos sa iyo. At maging bago ang kapanganakan mo, nakinita ka na ng propeta. At isa kang liwanag sa araw na ito. At sa ilang . . . Alam mo kung Sino Ako, dahil ang Diyos, sa ilang, ay sinabi na sa iyo na may tanda na lalakip sa Akin. At nagpapatotoo ka na ukol Dito, at alam na alam mo ito. At nakikilala natin kung sino ang isa't isa. Kilala natin ang isa't isa. At pagkatapos totoo naman na kinakailangan mong mabautismuhan Ko. Subalit payagan natin 'yan ngayon, dahil, Juan, kung tayo ang mga ilaw sa panahong ito, kailangan nating ganapin ang buong katuwiran. Kailangang maganap ang buong Salita ng Diyos sa pamamagitan natin, para sa panahong ito, dahil nararapat sa atin; kinakailangan, ito'y nararapat, para sa atin. Dahil kung tayo ang tunay na mga saksi ng Diyos sa araw na ito, Juan, tayo ang mga ilaw ng kapanahunang ito. At kung tayo ang mga ilaw ng panahong ito, napakaraming Kasulatan na dapat matupad sa kapanahunang ito. At nakasalalay ito sa atin!" Hallelujah! "Nakasalalay sa atin, na tiyaking ang buong katuwiran ng Diyos ay matupad."

At ano ang Kanyang katuwiran? Ang Kanyang Salita!

94 Sa madaling salita, "Juan, kilala mo kung Sino Ako. Ako

ang Dakilang Saserdote. Totoo 'yun, Juan, at kinakailangan Kong mabautismuhan mo. Anupa't kailangan nating ganapin ang buong katuwiran. At kinakailangang Kong mabautismuhan mo ngayon, para matupad ang Salita ng Diyos, dahil ang lahat ng Salita ay kailangang matupad. At tayo ang mga ilaw ng panahong ito, at nakasalalay sa atin na ganapin ang lahat ng ito. At alam Kong ang katuwiran mo at ang mithi mo ay ang matupad ang Salita. Ito'y marapat mismo sa atin. Tayo ang mga ilaw."

95 Ganoon din ang dapat gawin ng ilaw sa bawat kapanahunan. Alam natin kung ano ang dapat matupad. Kayo na espirituwal haya't alam n'yo ang Salita ng Diyos, nakikita n'yo kung ano ang ipinangako ng Diyos. Ngayon hindi darating ang Salita nang basta-basta, kundi dumarating Ito sa pamamagitan ng masusing obserbasyon, kinakailangan n'yong magsumikap na pumasok para magawa Ito. Pero, sa kabila nun, kailangan natin, nararapat sa atin na ganapin ang buong katuwiran ng Diyos. Kinakailangan nating gawin 'yun.

96 At ngayon napagkilala mismo ni Jesus, kay Juan, na si Juan ay isang tunay na propeta. Ang Salita'y nagsalita tungkol kay Juan, at alam Niya na walang pasubaling si Juan ang propeta ng oras na 'yun. At alam ni Juan na si Jesus ang Mesiyas, ng oras na 'yun. At pagkatapos pareho silang malinaw ang pagkaunawa.

97 Oh, kung mailalagak lang sana 'yun ng Iglesya ng buhay na Diyos sa kanilang mga isipan ngayong umaga, at maisapuso; na ang Iglesya'y hindi mapaghihiwalay ng mga maka-denominasyong harang, o ng mga pagkakaiba-iba sa mga kredo't mga kulay, at iba pa; nang sa gayon ay magkapisan-pisan tayo sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na walang anumang bagay na maglalayo sa atin mula sa tunay na Salita ng buhay na Diyos; at makalalakad tayo nang diretso sa linyang 'yun ng Kasulatan, para ganapin ang buong katuwiran ng Diyos sa panahon ngayon!

98 Dahil, alam ng sinuman na nabubuhay na tayo sa mga panggabing Liwanag. Ang sabi ng propeta, "Magliliwanag sa oras ng gabi." At kaya alam natin na nabubuhay na tayo sa oras na 'yun, sa oras ng mga panggabing Liwanag. Kaya, Panginoong Diyos, tulungan Mo po kami na mapagtanto 'yun.

99 Bumalik tayo pansumandali, at tingnan ang ilang mga tauhan na alam ang posisyon nila sa kanilang panahon, at handang tiisin ang kritisismo at iba pang bagay, nang sa ganoon ay matupad ang Salita ng Diyos.

100 Kunin nating, halimbawa, si Noe at ang kanyang panahon. Nararapat kay Noe, matapos na makatagpo niya ang Diyos at malaman ang plano ng Diyos para sa panahon na 'yun.

101 Ngayon, hindi mo magagawa ang anuman maliban na alam mo ang ginagawa mo. Kinakailangan mong malaman na ito'y

kalooban ng Diyos. Dapat alam mo na ito ang Kanyang plano at Kanyang nais, at nahayag ito sa iyo, na kung ganoon nga'y walang makapipigil dito na anuman.

102 Ngayon, nalaman ni Noe, hindi dahil nakuha niya ang pagmiministeryo niya mula sa kung anong eskuwelahan ng edukasyon, bagkus nakipag-usap siya nang mukhaan sa Diyos. At nalaman niya na may parating na isang baha. Alam niya na bubuhos ang mga ulan mula sa kalangitan, na parang mga ilog na bumubulwak, bagaman ito'y mariing salungat sa mga siyentipikong bagay noong panahong 'yun. Ang mga siyentipiko, walang alinlangan, haya't kanilang pinuna si Noe, at nagsabi, "Mapapatunayan namin sa iyo batay sa siyensiya na walang tubig doon sa itaas."

103 Dahil, higit ang kapanahunan nila noon, higit pa kaysa sa atin ngayon, mas maunlad pagdating sa siyensiya kaysa sa atin ngayon. Alam n'yo, tinukoy 'yan ni Jesus, "Kung papaano ang nangyari sa mga araw ni Noe." Kung papaanong itinayo nila ang mga sphinx at mga piramide, at mga bagay na di natin kayang gawin ngayon, di kayang itayo ngayon. At sila'y mahuhusay na siyentipiko. May mga pangkulay sila noon at mga bagay-bagay, at likidong pang-embalsamo, noong panahon na 'yun, na kaya nilang gumawa ng mummy. Hindi natin kayang gawin 'yun sa panahon ngayon kahit subukan pa natin. Mas maunlad sila kaysa sa atin. At mapapatunayan nila na walang tubig doon.

104 Pero, sa kabila nun, nararapat kay Noe, matapos na malaman niya ang plano ng Diyos, na nagpukpok siya nang nagpukpok sa daong, ano't anuman, dahil alam niya na tanging ang daong na 'yun ang tanging bagay na lulutang. Kahit pa, napatunayan batay sa siyensiya na walang tubig doon; kung ang Salita ng Diyos ang may sabi na uulan, haya't uulan at uulan mismo.

105 At maaari ba akong huminto para sabihin ito, para sa mga maysakit. Kung ang kaso n'yo ay sobrang malubha na marahil sinasabi ng doktor na wala nang pag-asa; anong kaibhan nun, hangga't sinasabi sa iyo ng Diyos, "Itutulot Ko na patuloy kang mabuhay"?

106 Bakit. . .Sabihin man ng doktor o ng kung sinong siyentipiko, "Yang relihiyon mo na sinasabi mo, 'yang Espiritu Santo, at 'yang pagsasalita n'yo sa iba't ibang wika, at 'yang— at 'yang mga pagpapamalas n'yo, ay mental lamang na ilusyon." Na, "Hindi talaga kayo napupuspos ng Espiritu Santo." Na, "Walang ganyang bagay." At libu-libong mga ministro ang nagdedeklara n'yan sa panahon ngayon, na, "Nadadala lang kayo ng damdamin n'yo." Na, "Walang ganyang bagay."

107 At mangyari, na ilan sa kanila'y nagsasabi sa akin, "Bakit hindi ka sumali sa isang magandang denominasyon, at gamitin

ang impluwensya mo para mapalawak pa ang denominasyon na ’yun?”

108 At pagkatapos sasabihin, “Ngayon, itong grupong pentecostal na diyan ka nakikihalubilo, haya’t pawang sambunton lamang sila ng mga relihiyosong huwad. At sila—sila . . . Walang ganyang bagay. Nadadala lang sila ng isip nila. Wala sila—sila—sila nung bagay na sinasabi nila. Mapapatunayan namin na wala sila nun.”

109 Oh, kapatid, sobrang huli ka na. Alam na alam namin kung anong taglay namin! Kami’y mga ipinanganak na muli, ng Espiritu Santo, at nakikita namin ang Kanyang mga gawa sa kalagitnaan namin, gaya noon sa panahon ng Biblia. Kung sumasampalataya kayo sa parehong Espiritu Santo na ’yun, kung ganoon bakit hindi Niya ginagawa ang siya ring mga bagay na ’yun sa inyong iglesya? Dahil, hindi Siya maaaring magbago; Siya’y Diyos.

110 Kaya, kahit na ano pa ang mga siyentipikong katibayan, na tayo’y “emosyunal lamang,” na tayo’y “nadadala lang sa isip,” na “wala naman talagang katangi-tangi rito sa dakilang relihiyon” natin, na “hindi ito—hindi ito kung ano dapat ito,” at kung ano pa gaya nun, na tayo raw ay “sambunton lamang ng mga itinakwil,” huwag kayong maniwala roon! Huwag n’yong paniniwalaan ’yun!

111 Kung mangyaring uuwi mula sa eskuwelahan ang anak n’yong babae, at magsasabi, “Nanay, napatunayan namin, ngayong araw, na ang—ang bungo ng tao’y katulad ng sa chimpanzee, kita n’yo po.” O, “Napag-aralan namin—namin at—at nalaman namin na nanggaling tayong lahat sa isang munting selyula, na tayo’y pawang mga hayop lamang.” Huwag n’yong paniniwalaan ’yun!

112 At kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng iba, sinumang teologo, sinumang doktor, sinumang siyentipiko, sinumang guro; manghawakan kayo sa Salita ng Diyos! Dahil, alalahanin n’yo, nagtatayo tayo, gaya ni, Noe noong panahon niya, nagtatayo tayo ng isang Daong.

113 At alam ni Noe na kung hindi niya makumpleto ang daong na ’yun, hindi niya maililigtas sa ganang sarili niya ang kanyang sambahayan. Kaya, alam niya ang plano ng Diyos. Sa gitna ng kritisismo, hindi siya nagpatinag dun kahit kaunti. Patuloy lang siya sa pagpupukpok nung daong.

114 Kaya, kahit na gaano pa nilang sabi-sabihin, “Walang ganyang bagay na gaya ng bautismo ng Espiritu Santo. Walang ganyang bagay na gaya ng Makalangit na pagpapagaling.” Marapat sa atin, nararapat sa atin, na ganapin natin ang buong katuwiran, na tumayo tayo sa oras na ito ng pagsubok, at magpukpok nang magpukpok sa Daong ng Panginoon!

115 Sinasabi nila na, "Kapatid, nalilito kayo sa mga bautismo n'yo, at iba pa. May . . . Hindi kayo dapat nagbabautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus."

116 Kausap ko ang isang kalugud-lugod na mag-asawa kagabi. At may kabataang lalaki na kababautismo lang, at naniniwala siya na may nag-iisa lamang na Diyos. At hindi nila siya pinayagang magpatotoo sa isang pagtitipon ng Business Men, dahil hindi siya naniniwala na may tatlong Diyos.

117 Ngayon, anuman ang sabi-sabihin ng iba, marapat sa atin, nararapat sa atin, na ganapin natin ang buong katuwiran. Ang Salita'y mananatili't mananatili pa rin maging kahit ang mga asosasyon ng mga Business Men at lahat ay wala na, at wala na rin maging ang mga kaiglesyahan. Ang Salita ng Diyos ay mananatili't mananatili pa rin! Marapat sa atin na ganapin ang buong katuwiran.

118 Hindi ba't nagpropesiya ang mga propeta ukol sa panahon na ito? Alalahanin n'yo, ang mga kritiko na 'yun, nararapat sa kanila na gawin 'yun, din naman, dahil kinakailangan din nitong matupad, ano't anuman.

119 Pero, si Noe, hindi siya natinag nun, nagpatuloy lamang siya dahil alam niya ang programa ng Diyos. Alam niya kung anong gagawin ng Diyos, Kapatid na Kidd. Alam niya ang plano ng Diyos dahil nakausap niya ang Diyos, at ayon 'yun sa Salita ng Diyos, at nagpatuloy lang siya sa paggawa nun, ano't anuman. Maski magpatunay nang magpatunay ang siyensiya o anumang ibang bagay, o kahit na gaanong karaming kritisismo ang ibato nila kay Noe, nanatili siya mismo sa Salita ng Diyos, at nagpatuloy sa pagpukpok. Bakit? Nararapat 'yun sa kanya, dahil si Noe ay isang propeta. At nararapat sa kanya na kanyang ginanap, ang Salita ng Diyos. Nanatili siya roon.

120 Nararapat sa sinumang propeta, tunay na propeta ng Diyos, na siya'y manatili sa Salita. Kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng siyensiya, at kung ano ang kayang mapatunayan *nito rito*, o kung ano pa, haya't—haya't—haya't marapat na maganap mismo nito ang buong katuwiran.

121 [Tahimik na binabasa ni Kapatid na Branham ang isang mensahe—Pat.] Sige. Nagpadala sila ng mensahe para ipanalangin ko si nanay agad-agad. "Ipanalangin mo si nanay ngayon. Kaaalis lang ng doktor." Sige.

122 Ngayon, Panginoong Jesus, ako po'y nakatayo rito. Ang nanay ko po ito. Kung siya'y lilisan na, itinatagubilin ko po ang kaluluwa niya sa mga kamay ng Diyos. Pero heto ang isang Mensahe na kinakailangang magpatuloy, Panginoon. May buhay rito na—na mamamatay na. Iyo pong tulungan ako, Panginoon. Ako'y sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus.

123 Nararapat sa atin! Nararapat sa akin ngayon na ganapin ko ang buong katuwiran. Ang Salita ng Diyos ang dapat una! Walang pag-ibig na gaya ng pag-ibig ng Diyos!

124 Ngayon, si Noe, kahit na ano pa ang kritisismo na ibato kay tatay Noe, alam niya kung saan siya nakatayo, at kaya naman nanatili siya mismo sa Salita. At itinayo niya ang daong para sa ikaliligtas ng kanyang sambahayan, dahil nararapat sa kanya na gawin 'yun. Nararapat kay Noe, na—na gawin 'yun.

125 Nararapat sa bawat Cristiano na manindigan sa Salita. Ganoon mismo. Tumindig sa Salita ng Diyos! Ang Langit at lupa ay lilipas, kayo'y lilipas, ako'y lilipas, ang mga kasimbahanan ay lilipas, ang mga organisasyon ay lilipas. Subalit ang Salita ng Diyos ay hindi kailanman lilipas! Maging matapat, tapat na manlalakbay!

126 Noong panahon ni Enoc, bago mismo ng baha, noong tumanaw roon si Enoc at nakita si Noe na itinatayo ang daong. Si Enoc ay isang propeta. Alam ni Enoc na siya'y isang tipo. At alam niya, na bago dumating ang mga baha, na kailangan niyang magpakita ng halimbawa, kaya isang hapon naging marapat sa kanya na maglakad. At naging marapat na siya'y lumakad sa lakad na ito kasama ang Diyos. At, sa kung anong pangyayari, noong araw na 'yun ay nagbago siya ng ruta. Sa halip na maglakad paikot sa gilid ng burol, lumakad siya sa Daan ng Hari, at nagpatuloy lang sa paglalakad. "At hindi na nila siya natagpuan, dahil wala na siya," anupa't umakyat na siya sa Daan ng Hari!

127 Oh Diyos, itulot Mo na ako'y maging gaya ni Enoc! Kapag dumating na ang oras na kailangan ko nang tahakin ang daan, hayaan Mong masumpungan ko ang Daan ng Hari!

128 Nakikinita ko si Enoc. Dahil alam niya na nararapat sa kanya, dahil isa siyang propeta, at alam niya kung anong mangyayari. Hayan nga, na nakikinita ko siya na hinagkan niya ang maybahay niya bilang pamamaalam at sinabi, "Mahal, magkikita rin tayo paglaon." Kinarga niya ang mga anak niya, at hinagkan sila bilang pamamaalam; tapos pinuntahan ang anak niyang lalaki na may asawa na at anak niyang babae na may asawa na, at hinagkan sila bilang pamamaalam.

129 Sabi nila, "Saan ang punta mo, tatay? Lalabas po ba kayo para maglakad-lakad nang kaunti?"

"Oo, maglalakad-lakad lang."

130 Pero hindi siya lumakad sa dating, pamilyar na ruta noong araw na 'yun. Lumakad siya sa Daan ng Hari, at nagpatuloy siya sa paglakad sa Kaluwalhatian. Nararapat sa kanya na gawin 'yun. Ayaw niyang umalis, pero gayunman ay marapat sa kanya na ganapin niya ang buong katuwiran. Dahil, siya'y tipo ng Iglesya sa panahon ngayon. Siya ay tipo ng Iglesya

na maglalakad-lakad nang hapon, isa sa mga hapon na ito. Tatahakin natin ang Daan ng Hari, at aalis na tayo!

131 Oo, nararapat kay Noe, nararapat kay Enoc, na ganapin nila ang buong katuwiran.

132 Heto rin na gusto kong mangusap tungkol sa isa pang lalaki rito. May isang lalaki na nagngangalang Daniel. At nabuhay siya noong araw ng mga kritiko. Alam n'yo na, binihag noon ang mga Anak ni Israel mula sa kanilang sariling bayan, patungo sa Babilonia, at doon ay malungkot sila, at sa loob ng mga pitumpung taon ay naroon sila. Pero may isang kabataang propeta na kasama sa paglalakbay na 'yun, na nagngangalang Daniel.

133 At siya at isang munting grupo, na mga sandakot na bilang ng mga kapatid, haya't sila'y nagsama-sama at nangakong ilalagak ang kanilang sarili sa Diyos, na hindi nila dudungisan ang kanilang mga sarili sa—sa modernong kalakaran noong panahon na 'yun. Hindi sila makikibahagi sa mga pagkain ng hari. Hindi sila iinom ng matatapang niyang inumin. Hindi sila dadalo sa mga kasayahan niya. Bagkus pananatilihin nilang ang kani-kanilang sarili na banal at nakatalaga sa Diyos, dahil 'yun ang nararapat sa kanila!

134 Nararapat kay Daniel, dahil isa siyang propeta, na manatili siya sa Salita.

135 Sinumang tunay na propeta na nakakaalam sa Salita ng Diyos, na . . . Kung hindi niya alam ang Salita ng Diyos, kung ganoon hindi siya isang tunay na propeta. Ang isang tunay na propeta'y nananatili sa Salita. Anuman ang sabihin ng Salita, sila'y mananatili mismo Rito. Kahit na ano pa ang kalakaran ng panahon, o anuman ang sabi-sabihin ng—ng modernong iglesya, o kung anu-ano ang sabihin ng iba, o may iba man na gawin ang iba, haya't ang tunay na propeta'y mananatili mismo sa Salita.

136 At alam ni Daniel, na kung siya'y mananatili sa Salita, kung ano ang kapalit nun sa kanya. Magiging kapalit nun ang kasikatan niya. Magiging kapalit nun ang pakikisama niya sa iba pang mga kapatid. Maraming bagay ang magiging kapalit nun. Pero naglabas sila ng utos, na, mananalangin sila sa isang partikular na diyos, tapos pagkatapos nun ay makakabalik sila't puwede na raw silang makapananalangin sa sinumang diyos.

137 Pero alam n'yo, may kung anong bagay Rito, na ang Diyos, haya't di natin puwedeng ikompromiso ang Diyos. Walang kompro- . . . pakikipagkompromiso, sa Diyos. Ang Diyos ay nananatili mismong Diyos! Hindi Niya inaasahan na tayo, kapag Linggo, ay mga Cristiano, na nagpupuri sa Kanya at sumasamba sa Kanya; tapos, pagdating ng Lunes, magpapahapay-hapay na't hinubad na ito, at sari-sari na ang iniisip, na, "Marahil mali ako, at dapat pala'y *ganito* o *ganoon* ang ginawa ko." Mananatili tayong nakasentro sa Salita ng Diyos, at nakasandig mismo Rito!

138 Kaya nakita natin, na si Daniel, nararapat sa kanya, bilang isang propeta, na manatili sa Salita, kahit na ano pa! Mangyaring may inilabas na utos, at ang sabi, "Na ang sinumang sasamba sa ibang diyos, maliban sa diyos na pinili nila." Sa madaling sabi, "Kung hindi kayo makikiayon sa amin, itatapon na namin kayo sa yungib ng mga leon." Buweno, nararapat kay Daniel, marapat sa kanya na ganapin niya ang buong katuwiran, na hindi siya sumamba sa ibang diyos, o masangkot man sa sanlibutan; tanging sa Diyos lamang! Kaya, ibinukas niya ang bintana't itinaas ang mga panangga, at binuksan ang mga kurtina, at tumanaw sa Silangan, at nanalangin nang tatlong beses sa isang araw, gaya ng lagi niyang ginagawa. Bakit? Hindi siya nagtago at kumubli, para gawin 'yun, bagkus binuksan niya nang bukas na bukas ang mga bintana; hinayaan niyang makita siya, nang kahit sinong gustong makakita. Hindi niya ikinahiya ang kanyang relihiyon.

139 Dahil, nararapat lang sa isang Cristiano na huwag n'yong ikahiya ang relihiyon n'yo. Gaya ni Pablo, noong unang panahon, sabi niya, "Sa daan na tinatawag na hidwa, kabaliwan, sa ganoong paraan ko sinasamba ang Diyos ng ating mga magulang." Kita n'yo? "Hindi ko ikinahihiya ang Ebanghelyo ni Jesus Cristo," sabi niya, "sapagkat ito'y Kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan, sa bawat isa na sumasampalataya Rito." Ganoon nga, hindi ikinahihiya ang Ebanghelyo! Ito 'yung bagay na kumakapit nang matatag sa mga oras na ang barko'y lumulundo-lundo at bawat bituwin ay di matanaw, at ang buwan at mga bituwin, at rumaragasa ang mga bagyo. Matatag pa rin ang pagkakakapit nito, dahil ito ang Ebanghelyo ni Jesus Cristo!

Si Daniel ay tapat. Marapat lamang sa kanya.

140 Ang mga anak na Hebreo, marapat lamang sa kanila, nararapat sa kanila, matapos na manindigan sila para sa Diyos. Nararapat sa kanila. Wala silang pakialam sa nag-aapoy na hurno. Sa ilalim ng mabalasik na pagsubok, ano naman sa kanila? Nanindigan sila!

141 Oh Diyos, kung makikita lamang 'yun ng mga Cristiano sa panahon ngayon! "Tatahakin ko ang daan kasama ng ilan na sa Panginoon ay kinamuhian. Sisimulan ko ang aking hakbang kasama si Jesus, Oh Diyos, itawid ako, sa aking nilalakaran." Sa ilalim ng pagsubok, mga problema, mga dalamhati, kamatayan, karamdaman, kalungkutan, ilalagak ko pa rin ang aking pagpanig kay Jesus Cristo, para manindigan! "Kay Cristo, na matatag na Bato, ako'y nakatayo, lahat ng iba pang tayo ay buhanging gumuguho." Lahat ng iba pang bagay ay gumuguho. Babagsak ang mga kaharian, at ang mga bansa'y mawawasak, at magkakawatak-watak ang mga denominasyon, at mamamatay ang mga teologo, pero ang Salita ng Diyos, ay mananatili't mananatili na ganoon pa rin magpakailanman!

142 Oo, nararapat sa kanila na manindigan. At nararapat sa kanila, pagkatapos na manindigan, na manatili sila sa kanilang kinatitindigan.

143 Sa pagpunta n'yo rito sa umagang ito, na nananampalataya na pagagalingin kayo ng Diyos, at nanindigan kayo riyan, nararapat lang sa inyo na huwag kayong magpapatotoo ng anumang salungat dito; o, huwag na lang kayong lumapit. Ganoon nga. Kung hindi n'yo ramdam na pagagalingin kayo ng Diyos, kung ganoon sumantabi kayo, dahil kinukutya n'yo lang ito.

144 Kung dama n'yo, na sa umagang ito kapag nagtawag na para dumulog sa may altar, na, "Nais kong manindigan para kay Cristo." Kung dama n'yo, tayain n'yo ang halaga; bilangin n'yo ang mga kawal n'yo, tingnan n'yo kung kaya n'yong makipagbaka. Tingnan n'yo kung handa na kayo. Kung hindi n'yo dama na handa na kayo, huwag na lang kayong lumapit. Pero kung may Isang Bagay na nagsasabi sa inyo, "Ito na ang araw ko, ito na ang umaga ko," kung ganoon ay lumapit kayo at manatili roon magpakailanman! Huwag kayong patitinag, kahit pa harapin kayo ng kamatayan, at lumulutang sa harap mismo ng mukha n'yo ang makapal na hamog. Ano naman? Tumayo kayo riyan! Dahil, "Ang kalangitan at ang lupa ay lilipas; ang Aking mga Salita ay hindi kailanman mabibigo!" Mananatili kayo Rito.

145 Kapag sasabihin n'yo, "Sinasampalatayanan ko si Jesus Cristo bilang Tagapagpagaling ko. Naniniwala ako, sa umagang ito, na pagagalingin Niya ang katawan ko na may sakit. May nagsabi sa akin na pumunta sa simbahan. Narito ako sa gitna ng mga mananampalataya. Naninindigan ako, ngayong umaga. Sinasampalatayanan ko Ito! Pupunta ako para maipanalangin. Kapag naipanalangin na ako, doon sa tinitindigan ko na 'yun haya't mananatili ako! Kahit gaano mang dumilim nang husto, o saan man ito, titindig at titindig pa rin ako sa paninindigang 'yun." Nanindigan kayo dahil 'yun ang nararapat sa inyo.

146 Matapos na kayo'y magpahayag, kinakailangan n'yong manatili sa pagpapahayag n'yo. Ganoon nga. Marapat lamang sa iyo, bilang isang Cristiano, bilang isang mananampalataya, na manatili sa matibay mong pananalig.

147 Huwag n'yong hahayaan ang diyablo na itulak-tulak kayo *rito* at *doon*. Lagi kayong nalulubog sa putikan. Lagi kayong nalilihis sa pangunahing daan. Lagi kayong labas-masok. At 'yan ang dahilan kung bakit di kayo nagtatagal saanman. Hindi kayo magkaroon ng tiwala sa sarili n'yo. O, hindi n'yo kaya, walang magkaroon ng tiwala sa inyo. Kinakailangan n'yong tumindig! At kapag nagawa n'yo na ang lahat ng magagawa n'yo para manindigan, kung ganoon ay tumindig kayo! Magpatuloy

lamang sa pagtindig! Ganoon nga. Kailangan nating gawin 'yan. Nararapat sa atin. Marapat sa atin, na gawin natin ito.

148 Marapat lamang kay Elias, nararapat kay Elias na propeta, na siya'y nanindigan para ganapin ang Salita ng Diyos, dahil alam niya ang Salita ng Diyos. At alam niya na itong arsobispo, na si Jezebel, at lahat nitong pagsasawalang-bahala ng denominasyon nila na nahalo sa kalakaran ng sanlibutan. Nararapat kay Elias, bilang isang propeta, na siya'y tumayo. At mag-isa siyang tumayo! Sinabi sa Diyos, "Lahat sila'y wala na, maliban sa akin, at ako'y mag-isa na lang na nakatayo." Yun ay sa abot ng nalalaman niya. Sinabi ng Diyos na may iba pa Siya na naninindigan sa ganoon din; marahil hindi sa lugar na—na kinaroroonan ni Elias, dahil siya ang mainit na pinupunterya sa bansang 'yun. Yung mga iba'y hindi nakakatanggap ng parehong kritisismo kagaya niya, dahil ang lahat ay nakatutok sa kanya, dahil siya ang propeta. Pero nararapat sa kanya, sa gitna ng pagsubok, sa gitna ng kritisismo, sa gitna ng pagsasawalang-bahala; nararapat kay Elias, bilang isang propeta, na manindigan sa panig ng Diyos, at tumayo roon.

149 Ganyan ang nararapat sa atin ang pagganap ng buong katuwiran. Ang dakila't, makapangyarihang mga kalalakihan, na paunang ipinapakita ang panahon na ito na may mga relihiyong Jezebel at mga bagay-bagay na nag-uusbungan ngayon, mga bagay na narito sa paligid natin ngayon, na nagtatangkang mangibabaw. Nararapat sa isang lingkod ng Diyos, kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng iba o anuman ang mangyari, na manindigan kayo, dahil nararapat sa atin na manatili tayo sa Salita.

150 Alam ni Elias na isa siyang propeta. Nakakakita siya ng mga pangitain. Pinagtibay siya ng Diyos bilang isang propeta. Kaya kahit ang mga kapatid niya . . . Makasampung ilang libo; tingnan n'yo mismo ang mga Israelita, milyun-milyon sila, bayan na nag-aangkin na naniniwala sila kay Jehovah, ano't inorganisa nila—nila ang mga sarili nila. Sila'y naging moderno, gaya nila sa panahon ngayon. Naging moderno na sila. Nakipagkompromiso sila sa Kanyang Salita. Hallelujah, pero nararapat sa kanya, kay Elias, na ganapin niya ang buong katuwiran. Kaya tumayo siya roon, nang mag-isa, sumigaw nang mariin laban sa mga kasamaan! Kung kikitilin nila ang buhay niya, ano naman? Nararapat sa kanya, na ganapin ang buong katuwiran. May kasamaan sa lupain. May pagsasawalang-bahala sa lupain. May mga kamaliang laban sa Kasulatan sa lupain. At nararapat kay Elias, na ganapin ang buong katuwiran, na tumayo para kay Jehovah; pagkatapos tumayo si Jehovah para kay Elias. Amen. Nararapat sa kanya!

151 Si Abraham. Nararapat kay Abraham na ihiwalay niya ang sarili niya mula sa kawalan ng pananampalataya. Nararapat sa sinumang mananampalataya na ihiwalay ang sarili n'yo mula

sa kawalan ng pananampalataya! Si Abraham, nararapat sa kanya na lumakad sa lupain na kanyang sarili, siya at ang Diyos, nang mag-isa, dahil isa siyang propeta. Hindi naunawaan ng sanlibutan kung bakit ganoon ang ginawang pagpili ni Abraham. Bakit niya iniwan ang kanyang tahanan? Bakit niya iniwan ang kanyang iglesya? Bakit niya iniwan ang kanyang bayan? Bakit niya ginawa ang ganoong padalos-dalos na bagay, na makikipamayan sa ibang lupain kung saan walang tubig o pagkain? Bakit siya pumunta roon sa mapapanglaw na disyerto kung saan hindi pa napupuntahan ng mga tao? Pero nararapat sa kanya, dahil isa siyang propeta, na ihiwalay ang sarili niya mula sa lahat ng kawalan ng pananampalataya, at lumakad na mag-isa kasama ang Diyos. Sabi ng Diyos, "Ihiwalay mo ang iyong sarili, at Akin kang pagpapalain."

152 Kapag inihiwalay n'yo ang sarili n'yo mula sa lahat ng kawalan ng pananampalataya, pagpapalain kayo ng Diyos. At nararapat sa bawat isa sa atin, kahit na ano pa ang kapalit, na ihiwalay ang mga sarili natin mula sa di-nananampalatayang sanlibutan. "Lumabas kayo sa kanila, at humiwalay," sabi ng Diyos, "Tatanggapin Ko kayo." Nararapat sa atin, bilang kalalakihan at kababaihan ng Diyos, na manindigan sa madilim na oras na ito na kinabubuhayan natin.

153 Si Abraham, kahit na ano pa ang iniisip ng iba, ibinukod niya ang kanyang sarili. Bakit? Nakita niya ang Diyos. Nakakita siya ng isang pangitain. Totoo ang pangitain, nangyari ang pangitain. Alam niya na kasama niya ang Diyos; si Abraham, para magpahayag ng padalos-dalos na pahayag gaya ng ginawa niya. Isang lalaki na sandaang taong gulang, at ang asawang babae'y nobenta anyos, at ang babae'y baog at siya nama'y di-magkaanak, tapos magkakaanak sila sa ganyang edad. Aba, babansagan talaga siya ng siyensiyang medikal ng panahong 'yun na parang wala siya sa sarili. Babansagan talaga siya na "baliw." Pero 'yun ay nararapat. Hallelujah!

154 Kung minsan nararapat na maging wala sa sarili, kung ito'y batay naman sa Salita.

Nagsalita sa kanya ang Diyos, sabi, "Abraham."

Sabi, "Opo, Panginoon?"

155 "Ako ang Diyos ng mga magulang mo. Ako ang Diyos ng Walang Hanggan. Ako si El Shaddai; Ako ang Sinapupunan, Ako ang Dibdib, Ako ang Tagapagbigay-Lakas. Walang anuman sa Akin kahit gaano ka pang katanda, Abraham, ano naman sa Akin? Walang anuman sa Akin gaano ka pang di-magkaanak at kung gaano mang kabaog ang sinapupunan niya, Akin kang bibigyan ng anak."

At sabi ni Abraham, "Sumasampalataya ako sa Iyo, Diyos." Hallelujah!

156 Ang sabi ng Biblia, "Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos, sa pamamagitan ng di-pananampalataya, bagkus ay lumakas pa, na pinupuri ang Diyos." Bakit? Nararapat sa kanya. Nakita niya ang kamay ng Diyos na kumilos, sa kapangyarihan.

157 Oh, Branham Tabernacle, ano kayang salita ang ipapahayag natin sa Araw ng Paghatol? Gayong, nakita na natin ang makapangyarihan Niyang kamay. Nakita na natin ang Kapangyarihan Niya. Napagmasdan na natin ang Kaluwalhatian Niya. Nakita na natin ang sinaysay Niya; hindi Ito kailanman nabigo. Nakita na natin ang Persona Niya, ang dakilang Haliging Apoy, isang Liwanag na nakalutang sa silid dito. Nakita na natin Ito sa ibayo, nakuhanan na Ito ng litrato ng siyensiya, at lahat na. At naririnig ang Mensahe na ipinapahayag, nang direktang-direkta't nakalinya, "Ihiwalay mo ang sarili mo sa kanila! Huwag kang makikisama sa anumang kawalan ng pananampalataya!" Nararapat sa atin, na ganapin natin ang buong katuwiran.

158 Ipinahayag ni Abraham na isa siyang manlalakbay at isang dayuhan. Wala siyang kakayahan; wala siyang kakilala sa lupa. Lumakad siya kasama ang Diyos, dahil nararapat sa kanya, dahil nakita niya Siya. Nararapat kay Abraham. Noong 'yung lahat ng mga hari roon ay nagkatipon, alam n'yo na, para gawin siyang isang dakilang tao; lahat ng mga hari, matapos na makamit ni Abraham ang dakilang pananagumpay na 'yun, noong salubungin siya ng mga hari roon, ng lahat ng mga kapatid sa denominasyon, at nagsabi, "Alam mo, Abraham, kami'y—kami'y makikipagkasundo sa iyo. Gagawin namin ang *ganito-at-ganoon*."

159 Sabi niya, "Hindi ako kukuha maski panali ng sandalyas, para angkinin; para hindi n'yo masabi 'Pinayaman ko si Abraham.'"

160 Oh, nararapat sa kanya, dahil alam niya (Hallelujah) na nanumpa ang Diyos sa kanya, "Ibibigay Ko sa iyo ang lahat ng matatanaw mo: silangan, hilaga, kanluran, o timog."

161 Ano naman kung may singko sentimos tayo o diyes, kung may makain tayo o wala, kung mabuhay tayo o mamatay? Nangako ang Diyos, "Mamanahin ng mga maaamo ang lupa." Marapat sa atin, nararapat sa atin, na mamuhay tayo gaya nito, kumilos gaya nito, na kinakailangang ganapin ang buong katuwiran. Nais ng Diyos ng mga kalalakihan at kababaihan na maninindigan at gaganap sa buong katuwiran! Hayan nga, ang *katuwiran* ay "ang Kanyang Salita."

162 Gaya ng sinabi ko sa simula ng pangangaral, 'yan ang dahilan kung bakit binautismuhan si Jesus. Kahit na tanungin pa. . . Kung ipinahayag Niya na Anak Siya ng Diyos, bakit babautismuhan pa, para sa kapatawaran ng mga kasalanan? Wala Siyang kasalanan. Pero kinakailangan Niyang mahugasan,

dahil Siya ang Dakilang Saserdote. Kinailangan Niyang ganapin ang buong katuwiran. Sabi, "Payagan mo ito, Juan. Alam Ko na alam mo ito. Alam Ko na alam Ko ito. At kilala natin ang isa't isa. Ngunit payagan natin na mangyari, dahil ganyan ang nararapat sa atin." Amen! Hallelujah!

163 Kung ganoon ay pipiliin ko ang landas kasama ng ilan na mga kinamuhian dahil sa Panginoon! Nararapat sa akin, nararapat sa inyo, bilang mga lingkod ng Diyos, na piliin natin ang landas na kasama ng ilan na kinamuhian dahil sa Panginoon; na lumakad tayo na maka-Diyos, nang matuwid, banal, sa kasalukuyang buhay na ito; na isinasantabi ang bawat pasan na pumipigil sa atin; na minamasdan ang Gumawa at Sumakdal ng ating pananampalataya, si Jesus Cristo! Amen.

Nararapat kay Abraham, noong lumakad siya roon.

164 At sinabi sa kanya ng Diyos, "Ngayon, dalhin mo ang munting batang lalaki na ito. Ngayon nasa sandaan at (mga) dalawampung taong gulang ka na. At may munting anak na lalaki ka rito, isang munting kulot ang buhok. Kalugod-lugod siyang munting bata. Pero nais Kong dalhin mo siya roon sa bundok, at ihandog siya bilang isang alay, sa pamamagitan niya ay gagawa Ako ng maraming bansa mula sa iyo." Papaano 'yun mangyayari? Para bang nagkandalito-lito ang Diyos. "Dadalhin Ko, sa pamamagitan ni Isaac, at pagpapalain ang buong mundo at bawat bansa, kasama niya; pero nais Ko na iyong, dalhin siya, doon sa itaas at patayin siya. Sa pamamagitan ng binhi ni Isaac . . ." Hallelujah! "Sa pamamagitan ng binhi ni Isaac ay pagpapalain Ko ang bawat bansa sa ilalim ng Kalangitan, pero nais Kong dalhin mo siya roon at patayin siya."

165 Oh, ang matatag, na matibay, na matandang tatay; na may dala-dalang kahoy at sako sa kanyang likod, pinalalakad ang isang asno. Naku! Naglalakad sa harap niya si munting Isaac! "Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos, sa pamamagitan ng di-pagsampalataya." Nararapat sa kanya!

166 Dahil sinabi ni Abraham, mismo, "Tinanggap ko siya na gaya ng isa mula sa mga patay, at lubos akong naniniwala na kaya siyang buhayin muli ng Diyos." Amen! Nararapat kay Abraham, na ganapin ang buong katuwiran. Alam niya kung anong sinasabi niya. Kilala niya ang kanyang Diyos. Alam niyang, kung ano mismo ang sinabi ng Diyos, ay kayang gawin ng Diyos. Anumang pangako na ipinangako ng Diyos, kayang tuparin ng Diyos ang Kanyang pangako, anuman ang mangyari. Kaya, marapat kay Abraham na ganapin niya ang buong katuwiran.

167 Nararapat sa mga alagad, noong Pentecostes, na pumunta roon sa silid sa itaas. Bakit? Bakit nararapat? Dahil nakatagpo nila ang isang Lalaki; isang Karpintero, gaya ng pagkakakilala ng sanlibutan, isang Galileong Dayuhan na may masamang

pangalan, "ilehitimo." Pero nakita nila ang Lalaking 'yun na bumuhay ng patay. Nakita nila ang Lalaking 'yun na nagpamulat ng mga matang bulag. Narinig nila ang Lalaking 'yun na ipinangaral ang di-nahaluang, Salita ng Diyos. At napagkikilala nila na Siya ang Mesiyas. Nakita nila ang lahat ng mga tanda sa palibot Niya. Narinig nila ang Diyos na tumugon mula sa Langit. Nakita nila ang Haliging Apoy na nakapailanglang sa ibabaw Niya. Alam nila na Siya ang Mesiyas. At nang sabihin Niya sa kanila, "Nararapat para sa Akin na Ako'y yumaon; ngunit nais Kong pumunta kayo roon sa bayan ng Jerusalem, at manatili roon. Maghintay lamang kayo roon."

"Gaano pong katagal?"

"Hanggang mismo!"

"Gaano pong katagal 'yun, Panginoon?"

168 "Hanggang mismo! Hanggang sa kayo'y masangkapan ng Kapangyarihan mula sa Itaas! Pagkatapos kayo'y magiging mga saksi Ko."

"Hanggang kailan po ito magtatagal, Panginoon?"

169 "Sa salinlahi na *ito*, at sa salinlahi na *'yun*, at kung ilan ang tatawagin ng Panginoon nating Diyos. Sa Jerusalem, Judea, Samaria, at sa kadulu-duluhang bahagi ng mundo. Pero, bago kayo humayo, nais Kong maghintay kayo! May gagawin Ako para sa inyo."

170 Nararapat sa kanila na sila'y pumasok sa silid na 'yun sa itaas, dahil nakita nila ang Kanyang Kapangyarihan. Alam nilang namatay Siya, patay. Namatay nang lubos na anupa't maging ang buwan at mga bituwin ay sumaksi na Siya'y patay na, ikinubli nila ang kanilang mukha't tumangging magliwanag. Alam ng lupa na Siya'y patay, hanggang sa nayanig ito na parang may matinding panginginig. Ang mga bato'y bumulwak mula sa lupa, na naroroon na mula pa noong panahon bago ang malawakang pagkagunaw sa baha. Alam nila na 'yun ang Mesiyas. Alam nila 'yun, 'yung Salita Niya, na Kanyang isusugo pabalik ang Espiritu Santo. Alam nila na isang pangako 'yun. Alam nila na kailangan nilang maghintay roon para Rito. Nakita nila Siya. Alam nila na Siya'y patay na; alam nila na Siya'y bumangon. Nakita nila Siya, kaya naman alam nila kung anong sinasabi nila.

171 Hanggang sa alam na alam ng isang tao kung ano ang pinagsasasabi niya, wala siyang gaanong masasabi. Pero kapag alam na alam n'yo mismo ang sinasabi n'yo! Kung sa tingin n'yo bugso lang ito ng damdamin, tanggapin n'yo Ito nang isang beses, saka n'yo malalaman kung anong sinasabi n'yo. Hindi ito bugso ng damdamin. Ito'y Kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan. Ito'y ang Espiritu Santo. Alam ko ang sinasabi ko. Lahat mismo, na tumanggap sa Kanya, ay alam ang kanilang sinasabi.

172 Marapat lamang sa mga alagad, nararapat sa kanila na ganapin ang Kanyang Salita, na maghintay sa Jerusalem. Kaya nagtungo sila para maghintay sa Pentecostes, hanggang sa matanggap nila ang Espiritu Santo. Dahil, alam nila na hindi maaaring umusad ang kanilang pagmiministeryo hanggang sa matanggap nila ang Espiritu Santo, para makapagpatotoo ukol sa Kanya. Alam nila na wala silang magagawa sa ganang sarili nila. Anupa't kailangan nila ang Kanyang Presensya, kaya nagpunta sila para hintayin Ito.

Marapat lamang kay Pedro, matapos siyang katagpuin ni Jesus.

173 Sa Marcos 16, ang sabi, "Humayo kayo sa buong sanlibutan, at ipangaral ang Ebanghelyo. Lalakip ang mga tandang ito sa mga nagsisisampalataya. Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga demonyo, magsasalita ng bagong wika, magsisihawak ng mga ahas; makainom man ng mga bagay na nakamamatay, hindi ito makasasama sa kanila; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling."

174 Marapat lamang kay San Pedro, na matandang mangingisda, na walang sapat na edukasyon para man lang ilagda ang sarili niyang pangalan. Pero isang araw noong padaan siya sa pintuang Maganda na itinayo noon ni Solomon, nakasalampak doon ang isang lalaking pilay. Mahina ang mga tuhod niya, mga bukong-bukong, hindi siya makalakad. Matagal na siya sa ganoong kalagayan. Wala siyang lakas. Isang lalaki na mga nasa apatnapung taong gulang, at wala siyang lakas. Pero noong marinig ni Pedro ang kalansing nung tasa, at tumingin siya roon at nakita ang isang lalaking pilay, haya't may kung anong Bagay na kumatok sa puso niya! Nanggaling siya sa Pentecostes, taglay niya ang Espiritu Santo! Taglay niya ang pangako ni Jesus, kaya marapat lamang, nararapat sa kanya, na sabihin niya, "Pilak at ginto ay wala ako." Nagbigay siya ng kanyang patotoo, "Wala akong pilak at ginto. Subalit, itong nasa akin, ibibigay ko ito sa iyo kung tatanggapin mo ito."

Nakikinita ko 'yung lalaki na nagsabi, "Tatanggapin ko po."

175 Sabi, "Kung ganoon, sa Pangalan ni Jesus Cristo na taga-Nazaret, tumayo ka at gumaling." Tapos iniunat niya ang bisig niya't inalalayan ang lalaki, para isagawa ang pananampalataya niya, itinayo 'yung lalaki nang paganoon; at tumanggap ng lakas 'yung mga bukong-bukong nung lalaki, at unti-unti siyang, lumukso, at pinuri at niluwalhati ang Diyos.

176 Marapat sa kanya na gawin 'yun, nararapat sa kanya. Marapat lang na gawin niya 'yun, dahil siya'y pinahirang alagad. Nakasama niya si Jesus. Nalaman ng buong mundo, noong araw bago 'yun, sa Konseho ng Sanedrin, noong pinatawag siya sa kapulungan, siya at si Juan, kapwa sila, na mga mangmang

at walang pinag-aralan; alam nila na ang mga lalaking ito'y nakasama ni Jesus, dahil narinig nila ang paraan ng pagsasalita nila, 'yung katapangan na dala nila. Alam nila na may bagay na nangyari sa kanila. At di 'yun kaila kay Pedro. Kaya nararapat kay Pedro, nararapat sa kanya dahil nasa kanya ang pangako ng Diyos para sa araw na 'yun.

177 "Pagkakalooban Ko kayo ng Kapangyarihan. Pagkakalooban Ko kayo ng Kapangyarihan. Yuyurakan n'yo ang mga ulo ng mga ahas at mga alakdan. Anuman ang hingin n'yo sa Aking Pangalan, ay Aking gagawin. Kung sasabihin n'yo sa bundok na ito, 'malipat ka,' at hindi mag-aalinlangan sa inyong puso, kundi manampalataya na ang sinabi n'yo ay mangyayari, matatanggap n'yo ang sinabi n'yo."

178 Marapat lamang kay Pedro kung ganoon na sampalatayanan Ito. Yun ang nararapat sa kanya. Yun ang dapat niyang gawin, dahil alam niyang nabubuhay siya sa araw ng atas na 'yun. Yun ang Liwanag ng oras na 'yun. Dumating na ang pagkabuhay na mag-uli, naroon ang Espiritu Santo. Nararapat mismo sa kanya.

179 Nararapat kay San Pablo; matapos na maging kritiko. At sa daan niya patungong Damasco, isang araw doon, 'yung Haliging Apoy na nanguna noon sa Israel mula Egipto patungo sa lupang pangako, na nagkatawang-tao at nanahan sa kalagitnaan nila at nagbalik sa Diyos, ay nakipag-usap sa kanya. At napaisip siya, "Papaanong si Jehovah ito? Papaano 'yun nangyari? At hayun Siya, sa parehong Haliging Apoy, na nakapailanglang doon." "Panginoon, sino Ka na aking pinag-uusig?"

180 Sabi Niya, "Ako si Jesus." Oh, grabe! Kanyang inatasan siya, ibinigay sa kanya ang ministeryo niya. Inatasan si Pablo, ibinigay sa kanya ang ministeryo niya.

181 Si Pablo'y napasa-Presensya ng Diyos, nakita niya ang Haliging Apoy. Nakita niya na si Jesus na minsang naging Haliging Apoy, pagkatapos ay nagkatawang-tao at nanahan sa gitna natin, at bumalik sa pagiging isang Haliging Apoy, at inatasan siya sa ministeryo niya. Hallelujah! Walang bagay na makapag-uuga sa kanya. Nararapat sa kanya, noong kinuha nila 'yung mga panyo na ipinatong sa katawan niya at ipinadala sa mga maysakit. Nararapat sa kanya, dahil alam niya na siya ang pinahirang apostol. Nakita niya ang mga pangitain ng Diyos, at nagpakita ang Diyos sa harapan niya't nagsalita, at nakita itong nangyari nang sadyang eksakto. Aba, nararapat kay Pablo, na noong sinikap niyang tulungan ang mga tao, ginanap niya ang Salita na iniatas sa kanya. Siya ang Liwanag ng panahon na 'yun. Siya ang Liwanag sa mga Gentil. Alam niya 'yun. Inatasan siya ng Diyos na maging ganoon. Siya ang Liwanag sa panahon na 'yun. Haya't, inatasan Niya si Pablo.

182 Ngayon nararapat sa atin, nararapat sa atin sa panahon namang ito. Alam natin! Katatapos lang natin sa mga

Kapanahunan ng Iglesya. Alam natin na natanggap na natin ang Espiritu Santo, alam natin ’yan nang walang anino ng pag-aalinlangan. Alam natin na nasa atin ang Liwanag ng Ebanghelyo.

183 “Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa ikapapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.” Walang ministro sa mundo, o walang kahit sino, ang makatututol Doon. Hanggang saan ito dapat makaabot gawin? “Ang pangako ay sa inyong mga anak, sa kanila na nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos.”

184 Ang sabi ng propeta, “Magliliwanag sa oras ng gabi, muling magliliwanag ang mga Ilaw ng Ebanghelyong ito.” Gaya ng pagsikat ng siya ring araw sa Silangan at lumulubog sa Kanluran, babalik Itong muli sa huling mga araw. Heto na tayo sa huling mga araw!

185 Natanggap na natin ang Espiritu Santo. Alam natin ’yan. Nakapagsalita tayo sa iba’t ibang wika gaya ng ginawa nila noon sa Pentecostes. At alam natin na matatanggap n’yo Ito.

186 Alam natin na ibinigay na ng ikapitong anghel ang Mensahe. Nakita na natin Ito na pinagtibay, ang tanda.

187 Alam natin na nasa dulo na tayo ng Kapanahunan ng Laodicea. Alam natin na ang alitan sa bansa, mga tanda’t mga kababalaghan, ay naglilitawan na sa lahat ng dako. Alam natin na nasa huling panahon na tayo.

188 Nagpapatotoo ang Diyos! At marapat sa atin, nararapat sa atin na ganapin natin ang buong katuwiran. “Mga bansa laban sa mga bansa, panahon ng kagulumihanan, pagkabalisa,” lahat ng mga bagay na ’yan na atin nang narinig. Kung matatanggap n’yo Ito!

189 Ngayon nasa huling oras na tayo. Nasa Kapanahunan na tayo ng Iglesyang Laodicea. Ibinigay na ng bawat mensahero ang kapanahunan niya, o ibinigay na ang Mensahe niya sa kapanahunan niya. At narito na tayo sa dulo ng kapanahunan, at nakikita na natin na pinagtibay ito ng Diyos sa pamamagitan ng mga tanda’t mga kababalaghan. At walang makapagsasabi na hindi ganoon.

190 Narito Siya ngayon! Siya’y nasa Iglesya! Siya’y nasa mga tao. Walang makapagsasabi na hindi ganoon. Alam natin na Siya’y narito.

191 At marapat sa atin na panghawakan ang Kanyang Salita. Tayo, marapat sa atin na sampalatayanan ang buong katuwiran. Marapat sa atin. Nararapat sa atin na ganapin ang lahat ng sinabi Niya.

192 Mahina ang iglesya, ang mga iglesya sa panahon ngayon. Watak-watak tayo sa alitan ng mga organisasyon, hiwalayan

ng magkakapatid; Methodist, Baptist, Presbyterian, Oneness, Threeness, Fiveness, lahat na ng iba't ibang uri. Watak-watak tayo. Ganoon nga ang nararapat dito. Kinakailangan itong maging ganoon.

193 Pagkatapos ay may darating na isang Mensahe! Oh, Hallelujah! Alam natin na 'yun ang ganoon ding Haliging Apoy na nanguna noon sa Israel. Alam natin na ang ganoon ding pagmiministeryo na lumakip kay Jesus Cristo, sa pamamagitan ng Haliging Apoy na nagpahid sa Kanya, ay kasama ngayon ng Iglesya. Pinatunayan ito ng siyensiya; di man natin kailangan. Pinatunayan na mismo ng Diyos! Kailangan natin na ang pagmiministeryo ni Jesus Cristo ay lumapat sa Pangulong-Bato na 'yun na parating, na nagdala sa Iglesya sa isang kalagayan kung saan ang pagmiministeryo ay eksaktong katulad na katulad noong umalis si Jesus. Eksakto!

Mga bansa'y nagkakasira, Israel ay nagigising,
Mga tanda na inihula ng mga pantas;
Mga araw ng Gentil ay bilang na, punung-puno ng pagkabalisa;
"Magbalik na, Oh mga nangalat, magbalik na."

194 Nasa huling mga araw na tayo. At marapat sa atin, nararapat sa atin na ganapin natin ang buong katuwiran.

195 Alalahanin n'yo, sinabi ni Jesus, "Kung papaano ang nangyari sa mga araw ni Lot, ay gayundin sa Pagparito ng Anak ng tao." Ilan ang nakakaalala nun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Buweno. Anong mayroon noong panahon ni Lot? Ano bang tanda ang ibinigay ng Diyos?

196 May tatlong uri ng tao noong panahon ni Lot. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] May di-mananampalataya, kunwang-mananampalataya, at mananampalataya. Bawat isa sa kanila'y nakatanggap ng mensahero. Tama. Noong nakaupo si Abraham sa ilalim ng encina niya, anong nangyari? Tingnan n'yo kung anong nangyari.

197 May Anghel na bumaba't nagtungo sa Sodoma. Nagtungo roon ang Lalaking ito at nagturo ng pagsisisi sa kanila, na dapat silang magsisi at bumaling sa Diyos. Anong nangyari? Tatlo lang ang lumabas, si Lot at ang dalawa niyang anak na babae. Naging haliging asin ang asawa niya. Tatlo lang ang lumabas, samantalang may modernong Billy Graham na nagdala ng mensahe roon sa kanila.

198 At nakikita natin 'yun na nagaganap ngayon. Nakikita natin, sa iglesyang nominal, nakikita natin ang isang mensahero na umusbong, nangangaral.

199 At may Isa Na dumating kay Abraham at sa hinirang na Iglesya. Binigyan Niya sila ng isang tanda. At alam natin na totoo 'yan. Alam natin na katotohanan 'yan. Naupo Siya na

nakatalikod Siya sa tolda, sinabi kung sino si Sarah, kung anong nasa puso niya, kung anong suliranin sa kanya. Ibinigay Niya ang mensahe, nang eksakto. Napagkilala ni Abraham na 'yun ang Diyos. Dahil, agad pagkatapos Niyang sabihin 'yun, tinawag niya Siya na, "Elohim," isang Mensahero, na inanyuan sa katawang-tao, para magdala ng isang Mensahe sa isang Sodoma at Gomorra.

200 At kapag nakikita na natin ang mga bagay na 'yun na sinabi ni Jesus na mangyayari, nararapat sa atin na ganapin natin ang buong katuwiran. Nararapat sa atin na panghawakan natin ang Diyos sa Kanyang Salita. Sinasampalatayanan n'yo ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kaya hayaan n'yong mangyari ngayon.

201 "Kapatid na Branham, hindi ka—hindi ka—hindi ka nakaayon sa iba pa, na mga denominasyon."

202 Maaaring ganoon. Hayaan n'yo na ganoon ngayon. Tama, hayaan n'yo na ganoon.

203 "Buweno, mas magiging matiwasay sana kung makikipamatok ka."

204 Hayaan n'yo na maging ganoon ngayon, siyanga. Pero 'yun ang nararapat sa atin. Tayo'y Kanyang bayan, Kanyang mga propeta, Kanyang mga pantas. Nararapat sa atin na ganapin natin ang buong katuwiran. Kaya, 'yun ang gawin natin, habang iniyuyuko natin ang mga ulo natin.

Mga bansa'y nagkakasira, Israel ay nagigising,
Mga tanda na inihula ng Biblia;
Mga araw ng Gentil ay bilang na, punung-puno ng pagkabalisa;
"Magbalik na, Oh mga nangalat, magbalik na."

Isang Araw ng Pagkatubos ay malapit na,
Puso ng mga tao'y lupaypay sa takot;
Tiyaking puspos ng Espiritu, na inyong mga ilawa'y pinag-igi pinag-ilaw,
Tumingala, ang inyong pagkatubos ay malapit na!

Mga bulaang propeta'y sinungaling, Katotohanan ng Diyos itinatanggi,
Na si Jesus Cristo ay ang Diyos nga natin, (Totoong-totoo 'yun; oh, daan-daan!)
Subalit tayo'y lalakad sa tinahak na daan ng mga alagad.

Sapagkat ang Araw ng Pagkatubos ay malapit na,
Puso ng mga tao'y lupaypay sa takot;
Tiyaking puspos ng Espiritu, na inyong mga ilawa'y pinag-igi pinag-ilaw,

Tumingala, ang inyong pagkatubos ay malapit
na!

205 Habang nakayuko ang mga ulo n'yo, nararapat ba sa inyo, sa umagang ito, na ibigay n'yo ang buhay n'yo kay Cristo? Nangusap ba Siya sa inyo? Kung nangusap, itaas n'yo mismo ang kamay n'yo sa Kanya, at sabihin, "Tinatanggap ko ngayon si Cristo. Nararapat sa akin na isuko ko ang buong-buo ko, ang kalooban ko, sa umagang ito, sa Kanya. Itinataas ko ngayon ang kamay ko at nagsasabi, 'Panginoong Jesus, mahabag Ka po.' Kailangan Kita, oh, ganoon na lamang na kailangan Kita! Bawat oras, ay kailangan Kita." Pagpalain ka ng Diyos. "Oh, Mapagpalang Tagapagligtas, dumudulog ako sa Iyo."

I need Thee, oh, I need Thee;

Paano kaya kung nakaratay kayo sa kinararatayan ngayon ni nanay?

Every hour I need Thee!
Oh, bless me now, my Saviour,
I come to Thee!

[Humihiging si Kapatid na Branham—Pat.]

(Oh Panginoon, kailangan Ka namin;)
Every hour I need Thee!
Oh, bless me now,

Panginoon, kailangang-kailangan Kita ngayon nang higit kaysa sa kinailangan Kita sa mahabang panahon.

But I come to Thee!

206 [Sinimulang ihiging ni Kapatid na Branham, ang *I Need Thee Every Hour*—Pat.]

207 Makalangit na Ama, sa paanan ng mga lambak kami'y naglalakad, na may pagkabatid na Iyong ipinangako, "Hindi Kita iiwan, ni pababayaan man. Hanapin muna ninyo ang Kaharian ng Diyos, at ang Kanyang katuwiran, ang lahat ng iba pang mga bagay ay idaragdag sa inyo."

So I come to Thee!

208 Kung mayroon po rito, Panginoon, na hindi matuwid sa kanilang kaluluwa; kung tinatahak din nila ang daan na 'yun, na kinaroroonan ng nanay ko mismo sa minuto na ito, Oh Panginoon, nawa'y magkaroon sila ng ganoong patotoo, din naman. Marapat sa amin ngayon, Panginoon.

209 Nasa dulo na kami ng daan, ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea; isang Mensahe; ang pagtanggi sa Mensahe; ang pagpapatibay sa Mensahe; at ang Presensya ni Cristo'y pagpapatunay na Siya'y siya pa rin, kahapon sa panahon noon ni Lot, at sa mga araw noong Siya'y nagkatawang-tao, at sa mga araw ngayon; kahapon, ngayon, at magpakailanman.

210 Itulot Mo pong tanggapin Ka nila ngayon bilang kanilang pinagpalang Tagapagligtas. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Hinihiling ko po ito sa Pangalan ni Jesus.

Oh, bless me now, my Saviour,
I come to Thee!

Most precious Lord,
Temptations lose their power,
Truly, Lord, when Thou art nigh.

I need Thee, oh, I need Thee!

211 Kung Iyo nang kinuha siya Panginoon, papagpahingahin Mo po ang kanyang kalugud-lugod na kaluluwa sa Langit. Ipagkaloob Mo po ito. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

My Saviour, I come to Thee!

212 Diyos Ama, dinggin Mo po kami. Nararapat sa amin na ganapin namin ang buong katuwiran dito. Alam namin ang sinasaysay ng Salita. Wala kami sa kadiliman. Alam namin kung ano ang ipinangako ng Salita. Iyo pong tulungan kami, Oh Panginoon, na ganapin namin ang buong katuwiran. Iyo pong tutuparin ang Iyong Salita. Nawa ang bawat mananampalataya rito'y magkaroon ngayon ng pananampalataya, habang dumadako kami sa mga maysakit. Gustong-gusto naming lahat na mabuhay, Panginoon; pero ang pangunahin ay magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan, para sa daigdig na 'yun na darating. Dinggin Mo po kami, Ama, habang ang kongregasyon ay nananalangin, lalo na sa mga maysakit at sinumang nagdadalamhati.

213 Iniisip ko, may ilan kaya, kung may mga estranghero ba sa kalagitnaan natin, na hindi pa nakadalo rito sa tabernakulo dati, at kayo'y may sakit, at umaasa sa Diyos para sa tulong? Habang nakayuko ang mga ulo n'yo, lahat kayo. Maaari n'yo bang itaas ang kamay n'yo, kayo na mga estranghero sa akin, na hindi ako kakilala o hindi ko kayo kakilala, at dumudulog kayo ngayon kay Cristo para sa tulong. Itaas n'yo lang ang kamay n'yo. Kita n'yo? Pagpalain ka ng Diyos, ikaw, at ikaw. May ilan.

214 Kailangan n'yo lamang manampalataya. Ang Mensaheng ito'y hindi mauuwi sa walang kabuluhan, ito'y ang Salita ng Diyos.

215 Nakikita ko ang isang ginang . . . Habang nakayuko ang mga ulo n'yo. Hindi niya ibinababa ang kanyang kamay. Siya'y pinahihirapan ng sakit sa puso. Siya'y isang Gng. Nance. Siya'y taga-Madisonville, Kentucky. Tama. Hindi ba, ginang? Maaari mong itaas ang ulo mo kung gusto mo. Itinaas mo ang kamay mo, at pinanatili mong nakataas. Tama, hindi ba? Kung tama, itaas mo ang kamay mo. Nakikita n'yo na kung saan tayo nabubuhay mismo, mga kaibigan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Opo."—Pat.] Hindi ko kilala ang ginang. Hindi ko pa siya nakikita kahit

kailan. Pero ano ito? Ito'y isang tanda ng Ebanghelyo. Nang sa gayon kayo'y . . .

216 Naniniwala ka ba na ako'y propeta Niya, ginang? Naniniwala ka ba? Sa kabila nga nun, tayo'y estranghero. Hindi kita kakilala. Tama ang pangalan, hindi ba? Kung ayos lang, 'yung bagay na sinabi Niya sa iyo, sige't—sige't iwagayway mo lang ang mga kamay mo sa mga tagapakinig, para makita nila na tama nga. [Nagbubunyi ang kongregasyon—Pat.]

217 Anong makagagawa nun? Si Jesus na taga-Nazaret. Nang sa gayon malaman n'yo na ako'y propeta ng Diyos, at sinasaysay sa inyo ang Katotohanan, dahil ito'y marapat sa atin. Isang babae ang humipo noon sa Kanyang damit, at bumaling Siya't sinabi sa babae, ang tungkol sa kanyang "pag-aagas ng dugo," at sinabi na huminto na ito.

218 Yang ginang na nakaupo sa tabi mo, siya'y may sakit sa puso, rin. Ganoon nga. Oo. Hindi ko siya kakilala. Alam mong hindi, nanay. Pero kilala siya ng Diyos. Alam Niya ang suliranin ng babae, hindi ba? Gng. Allen, nananampalataya ka ba na kaya kang pagalingin ng Diyos? [Sinasabi ng babae, "Opo."—Pat.] Kung 'yun ang pangalan mo at 'yun ang sakit mo, itaas mo ang kamay mo. Itaas mo ang kamay mo, kung tama. [Nagbubunyi ang kongregasyon.]

219 May ginang na nakaupo sa tabi mo riyan. Ang ibig kong sabihin ay si Gng. Bennett. Taga-parehong lugar lang kayo. May sakit siya sa bato sa halip na sakit sa puso. Sumasampalataya ka nang buong puso mo, mapapagaling ka, rin. Sumasampalataya ka ba, ginang? Itaas mo ang kamay mo, at sabihin, "Tatanggapin ko," kung ganoon maaari ka nang umuwi't maging magaling na. Kung makasasampalataya kayo! Taga-Kentucky kayo, sa isang siyudad na tinatawag na Madisonville.

220 Nakaupo riyan sa likod, ang isang ginang, si Gng. Bone. Malapit siya sa Madisonville. Hindi siya nakatira mismo sa Madisonville, nakatingin siya mismo sa akin. At nariyan ang Anghel na nakatayo sa ibabaw niya. Nakatira siya malapit lang sa Madisonville. Ang pangalan niya'y Bone; problema sa sinus, hinihika, inuubo. Kung tama, ikaway mo ang kamay mo nang pabalik-balik, ginang. Manampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo, at umuwi ka na't maging magaling na.

221 Problema sa lalamunan, ginoo. Nananampalataya ka ba na kayang pagalingin ng Diyos ang problema sa lalamunan at paigihin ang kalagayan mo? Gumaling ka! Manampalataya ka lamang sa Diyos.

222 Bb. Hopkins, ang itim na binibining taga-Chicago. Hindi kita kilala, hindi pa kita nakikita kahit kailan sa buong buhay ko. Pero gusto mong gumaling mula sa pagkanerbiyos na 'yan, problema sa sinus? Humayo ka, manampalataya, at pagagalingin ka, rin.

223 Gng. Hanes mula Columbus, Ohio. Manampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo, maaari ka nang umuwi at maging magaling na, rin.

224 Nasa dulo na tayo ng daan. Naniniwala ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen!"—Pat.] Marapat sa atin na ganapin ang buong katuwiran. Ipinangako Niya na mangyayari ang mga bagay na 'yun. Narito na tayo. Sinasampalatayanan n'yo ba ito? ["Amen!"]

225 Buweno, ipatong n'yo ang mga kamay n'yo sa isa't isa. Gusto ko kayong tanungin ng isang tanong. Ipinangako ba ni Jesus na mangyayari ang mga bagay na ito sa huling mga araw? Magsabi ng, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] "Kung paano ang nangyari sa mga araw ni Lot. Ang mga gawa na Aking ginagawa, ay gagawin n'yo, din naman." Hindi ba't sinabi rin Niya, "Lalakip ang mga tandang ito sa mga nagsisisampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y gagaling"? ["Amen."] Handa na ba kayong manindigan, isang mananampalataya? ["Amen."] Dahil ganyan ang nararapat sa atin na ating ganapin ang buong katuwiran.

226 Heto ang katuwiran ng Diyos, na kapag ang mga panyong ito rito (na papatungan ko ng mga kamay ko, sa Pangalan ni Jesus) ay dumampi sa inyo; alam ko na narito ang Espiritu Santo, na siya ring Yun na nakay Pablo. "Kinuha nila mula kay Pablo . . . " Kayo rin naman ay gagaling, kung sasampalatayanan n'yo lamang ito.

227 Naniniwala ako na ang siya ring Espiritu Santo, ang Espiritu Santo ng Biblia, ay narito ngayong umaga, na pinatutunayan ang Kanyang Sarili, ang Mensahe sa huling mga araw, ang dakilang Espiritu Santo Mismo, na kinakatawan at ipinapakilala ang Sarili, dumako sa katawan ng tao, na ginagawa ang Kanyang mga gawa.

228 Tumayo ako ngayong umaga, sa ilalim ng matinding pagsubok. Alam n'yo na kung ano ang pinaghahandaan kong marinig pag-alis ko rito. Pero nararapat sa atin na ganapin ang buong katuwiran.

229 Inilagay ng Diyos ang Mensahe sa puso ko. Ngayon nararapat sa inyo, bilang mananampalataya, na kayo'y sumampalataya. Habang, nakapatong ang mga kamay n'yo sa isa't isa, wala nang matitira na may sakit sa kalagitnaan natin, kung sasampalataya lamang kayo roon nang buong puso n'yo, maging handa kayo na manindigan.

230 Ngayon, Makalangit na Ama, dinadala po namin sa Iyo ang mga tagapakinig dito, matapos ang Mensaheng ito. Panginoong Diyos, tunay na nakikita ng mga tao ngayon na nararapat sa amin. Nararapat sa isang propeta, na tumayo sa Salita. Nararapat sa isang miyembro ng iglesya, nararapat sa kanila na sila'y tumayo. Nararapat sa mga maysakit, na manampalataya

sa Salita ni Jesus Cristo, noong sinabi Niya, "Lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y gagaling."

231 Tatawag po sana ako ng pila para sa pananalangin, Panginoon. Pero ang mensahe na nakaabot mismo sa akin, sa telepono, ay sadyang yumanig sa akin, Ama. Oh Diyos, sinasabi ng Iyong Salita, "Nararapat sa amin na ganapin namin ang buong katuwiran." Heto sila, bawat isa.

232 Narito ang Espiritu Santo na pinatutunayan na Siya'y nasa kalagitnaan namin. Ngayon ibunsod Mo po ang Kapangyarihan ng Diyos, ibunsod ang patotoo ng Espiritu Santo, na kumilos sa mga puso ng mga narito ngayon, bigyan sila ng isang katiyakan; gaya ng taglay ni Daniel, gaya ng taglay ni Noe, gaya ng taglay ni Enoc, gaya ng taglay ni Juan, gaya ng taglay ni Pedro, gaya ng taglay ni Pablo, gaya ng taglay ni Jesus, gaya ng taglay ni Abraham, gaya ng taglay nilang lahat noon, Panginoon. Na, nararapat sa amin sa kapanahunang ito, kung saan ibinubuhos ang kapangyarihan ng Makalangit na pagpapagaling, ipinapamalas ang mga tanda't kababalaghan, may dakilang paggising na umusbong sa gitna ng mga tao, bumaba ang Espiritu Santo sa gitna ng mga tao. Sila'y sumigaw, nagsalita sa iba't ibang wika, nagpropesiya, mga dakilang kaloob, at mga tanda't mga kababalaghan. Ang Anghel ng Mensahe, ang Anghel ng kapanahunan ay nagpakita sa amin sa anyo ng Espiritu Santo, at may dala Siyang Mensahe sa amin. Nakikita na namin Ito na natutupad. Nakikita namin Siya na ginagamit ang mga katawan namin at binabago kami mula sa pagiging mortal na mga tao, patungo sa pagiging mga kinatawan ng Diyos, para magsaysay ng mga dakila't mahihiwagang tanda at mga kababalaghan. Kapag nakikita namin ang mga bagay na ito, mangyaring nararapat sa amin na ganapin namin ang buong katuwiran.

233 Noong malaman namin na tumingin pabalik si Abraham kay Lot, noong tumingin si Daniel kay Abraham, noong tumingin si Juan kay Daniel, (Oh Diyos!), na noong tumingin sina Pedro at Juan kay Jesus. At sa pagtingin namin sa kanila, at ngayon ay nakikita namin ang parehong mga resulta sa kalagitnaan namin, mangyaring nararapat sa amin na ganapin namin ang buong katuwiran.

234 Iyong ibunsod ang Kapangyarihan ni Jesus Cristo na dumaluyong sa gusaling ito, kalakip ang Banal na pananampalataya, at pagalingin ang bawat tao na narito, mula sa bawat karamdaman at bawat sakit, Panginoon. At, bilang Iyong lingkod, mariin kong inuutusan ang diyablong ito na itinutulak ako buong umaga, na nagtatangkang paalisin ako sa pulpitong ito! Sa biyaya ng Diyos, nanatili ako rito, para sa mga kaawa-awang, mga maysakit dito o—o mga nagdurusang mortal ng Diyos.

235 Lumabas ka sa kanila, Satanas, ikaw na diyablo! Inuutusan kita, sa pamamagitan ni Jesus Cristo na buhay na Diyos, na lumayas ka mula sa mga tao rito, at huwag mo na silang gagambalain pa, dahil sila'y tumayo gaya ng mga anak na Hebreo sa oras ng pagsubok, na nanindigan, at gumaling mula sa oras na ito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, inuutusan ko ang mga sakit at mga diyablo sa kongregasyon rito, na narito para magdulot ng sakit sa mga tao rito, na umalis ka sa kanila!

236 Habang nakayuko ang mga ulo natin, pati mga puso natin sa Diyos, aawit ako ng isang awitin. Susubukan ko, sa tulong n'yo at tulong ng Diyos. *My Faith Looks Up To Thee*. Ayaw *kong* mag-alinlangan kayo, kahit kaunti, bagkus nais kong manampalataya kayo ngayon. Nararapat sa atin. Ilan po ang Cristiano na narito? Itaas n'yo ang mga kamay n'yo, at sabihin, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen!"—Pat.] Ilan ang mananampalataya? Magsabi ng, "Amen." ["Amen!"] Ilan ang nagpatong ng mga kamay n'yo sa iba? Magsabi ng, "Amen." ["Amen!"] Kaya naman nararapat sa atin na ganapin natin ang buong katuwiran.

My faith looks up to Thee,
Thou Lamb of Calvary,
Saviour divine;
Now hear me while I pray,
Take all my guilt . . . (Ngayon, ang *kasalanan* ay "kawalan ng pananampalataya")
Oh let me from this day
Be wholly Thine!

While life's dark maze I tread,
And griefs around me spread, (Diyos, Ikaw po ang maging Tagapatnubay ko ngayon!)
Be Thou my Guide;
Bid darkness turn to day,
Wipe sorrow's tears away,
Nor let me ever stray from Thee aside.

237 Habang nakayuko ang mga ulo natin. Ang minamahal kong matandang nanay ay yumao na mula kaninang nangangaral ako, nawa ang tinig ko'y umalingawngaw sa malalawak na talampas ng Langit.

238 Noong sinabi ni nanay sa akin, noong isang araw, sabi niya, "Billy, pinakain mo ako. Binayaran mo ang renta ko at bayarin ko sa ilaw, binigyan mo ako ng makakain." Sabi, "Iho, noong maliit na bata ka pa lang noon, lumalabas ako kahit masama ang panahon at nagsisibak ng kahoy, ginagawan kita ng apoy para di ka lamigin. At ipinagluluto ko kayo, ng kung anong mayroon lang sa bahay, na puwedeng mailuto." Nakatingin ako sa kanya habang nakahiga siya roon, at nakikita 'yung maliliit niyang nanghihinang mga kamay na naglaba noon ng marurumi

naming damit. Wala ka ngang magawa habang nakatayo roon, wala akong magawa.

239 Sabi ko, “Nanay, sa mga kamay ng buhay na Diyos, itinatagubilin ko ang matuwid mong kaluluwa.”

240 Kung siya’y yumao na mula sa mga sandaling ’yun; haya’t lahat sila’y lumisan na, ang mga kapatid kong mga lalaki na lang ang natitira. Napakabigat ng mensahe rito sa pulpito. Kung yumao na siya, papagpahingahin nawa ng Diyos ang kanyang kaluluwa. Kung siya’y kasama pa natin, at kasama natin hanggang mamayang gabi, sa biyaya ng Diyos ako’y paririto sa pulpito para ganapin ang tungkulin ko, dahil nararapat sa akin na ganapin ko ang buong katuwiran.

241 Habang inaalam ko pa, ipinapasa ko po ang gawain kay Kapatid na Neville, ang pinagpala kong katuwang na pastor.

61-1001M Ganyan Ang Nararapat Sa
Atin Ang Pagganap Ng Buong Katuwiran

Branham Tabernacle

Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2026 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

www.branham.org